International Journal of Open-Access, Interdisciplinary & New Educational Discoveries of ETCOR Educational Research Center (iJOINED ETCOR)

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org

iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577

The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

# Mga Vlog sa Panitikang Panrehiyon ng Bikol: Isang Pagsusuri

Keenen Christian O. Lim
Bicol University Graduate School, Legazpi City, Albay Philippines
Corresponding Author e-mail: *kcolim@bicol-u.edu.ph*

**Received**: 15 December 2023 **Revised**: 22 January 2024 **Accepted**: 23 January 2024

**Available Online**: 24 January 2024

**Volume III (2024), Issue 1, P-ISSN – 2984-7567; E-ISSN - 2945-3577**

***Abstrak***

**Layunin:** Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga paksa sa mga vlog at kulturang Bikolnon batay sa pagsusuri sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa at makalikha ng kagamitang panturo sa panitikang panrehiyon ng Bikol. Isinagawa ang pag-aaral para sa layon nitong mas lalo pang mapalawak ang pagsusuri ukol sa pasalintronikong anyo ng panitikan sa rehiyong Bikol at paglikha ng kagamitang panturo bilang ambag sa pagpapayabong ng panitikan.

**Metodolohiya:** Ginamit ang kuwantitatibo at kuwalitatibong pananaliksik upang makalap at masuri ang mga paksa sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa at mga inilalahad na kulturang Bikolnon bilang elementong naratibo na pag-aaral na sumasalamin sa hitik na panitikang lokal ng rehiyong Bikol. Ang palarawang pagsusuri at purposive sampling ay ginamit din sa pag-aaral partikular ang nonstatistical sampling (nonprobability) sa mga sinuring vlog na nakikitaan ng mga batayang paksang pampanitikan. Sa paglikha ng banghay-aralin bilang kagamitang panturo sa panitikang panrehiyon ng Bikol, ginamit ang taksonomiyang pang-edukasyon ni Bloom (1956) para sa kasanayang pagkatuto batay sa dominyo ng pag-aaral tulad ng cognitive, affective, at psychomotor. Ginamit naman ang Gradual Psychological Unfolding (GPU) bilang pagpapadaloy ng talakayan. Ginamit din ang dulog na multimodal sa paglikha ng banghay-aralin, na may pangunahing layon na pahusayin ang kalidad ng pagtuturo sa pamamagitan ng pagtutugma ng paghahatid ng nilalaman sa pinakamahusay na paraan ng pagkatuto mula sa mag-aaral, tulad ng paggamit ng vlog na mayroong elemento ng multimedia. Gayundin, ginamit ang kritisismong sosyokultural sa pagsuri ng anyo ng panitikan at kulturang nakapaloob sa literatura sa paglahad sa holistikong pagtingin kaugnay sa implikasyon ng lipunan tulad ng aspektong kultural at pangnilalaman ng panitikan.

**Natuklasan:** Nanguna ang paksang kabutihan vs kasamaan na may kabuoang bilang na apat (4). Ang mga vlog na nasa kategorya ay ang "Impyernow," "Mga Kumpaniya sa Pinas Be Like," Job Interview Be Like: Yung Ayaw Sayo Nung Nag Iinterview; Interview Part 3," "Interview Part 3 Opssss," "Wanpipti," "Bisyo sa Panahon ng Lockdown," "Mama Mo,"; "Mamo Mo Part 2," "Boy Lado Part 15," The English Man," at "Relief Part 2." Gayundin, natuklasang ang mga kabutihan vs kasamaan, tao vs lipunan, tao vs sarili, pamilya, kapangyarihan at korapsiyon, identidad, hubris, pagtanda, at kapalaran vs kalooban ang mga paksa sa sinuring vlog ni Boss Ka-Reppa. Samantala, inilalahad sa mga vlog ang mga kulturang Bikolnon tulad ng paniniwala at pamahiin, pagkain, hanapbuhay, kasuotan, relihiyon, pista, sining, koneksiyon sa kapaligiran, wika, at literatura. Batay sa mga natuklasan, gumawa ng mga banghay-aralin sa panitikang panrehiyon ng Bikol at limang sariling likhang vlog para sa patuluyang pagpapaunlad ng panitikang panrehiyon sa Bikol, na pinasuri na limang juror at nag-outsource ng eksperto para sa pagkuha at pag-edit ng mga vlog.

**Kongklusyon:** Batay sa natuklasan, nabuo ang sumusunod na kongklusyon: kabutihan vs kasamaan, tao vs lipunan, tao vs sarili, pamilya, kapangyarihan at korapsiyon, identidad, hubris, pagtanda, at kapalaran vs kalooban ang mga paksa sa nasuring vlog ni Boss Ka-Reppa. Samantala, inilalahad sa nasuring vlog ni Boss Ka-Reppa ang kulturang Bikolnon tulad ng paniniwala at pamahiin, pagkain, hanapbuhay, kasuotan, relihiyon, pista, sining, koneksiyon sa kapaligiran, wika, at literatura; materyal na kultura ng Bikol ang limbag na panitikan, pagkain, kasuotan, at sining. Samantala, di-materyal na kultura naman ang pakikitungo o pakikipagkapuwa, paniniwala at pamahiin, hanapbuhay, relihiyon (mga pista, prusisyon, gawing panrelihiyon, at iba pa), at koneksiyon sa kapaligiran; at pagpapahalaga sa panitikan at kulturang Bikol ang mga banghay-aralin at sariling likhang vlog na magagamit sa pagtuturo ng panitikang panrehiyon ng Bikol.

***Susing-salita:*** vlog, panitikang panrehiyon, Bikol, pagsusuri, kagamitang panturo, banghay-aralin



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

*Thank you for embracing the culture of research with us!*

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

**PANIMULA**

Kasangkapan ang akdang pampanitikan na nasa anyo ng pasalintitik, pasalindila, at pasalintroniko upang gamitin sa pagbabagyong-isip, malayang palitan ng idea, kuro-kuro, damdamin, saloobin o pagpapahayag ng damdamin lalo sa larang ng pagtuturo ng panitikang panrehiyon, gayunman isa ang panitikan para maipakita ang pagpapahayag ng tao at pagtatanghal ng anyo nito sa artistikong merito, na higit na nagpapakita ng malalim na ugnayan ng panitikan at kultura ng rehiyon.

Sa pagtuturo ng panitikan, pangunahing layunin ang paglinang ng pag-unawa sa napakinggan, binasa, at talasalitaan. Isa rin sa pinagtutuonan ng pansin ang pagsusuri sa mga paksa, nilalaman, sagisag-kulturang Pilipino at pag-aangkop ng mga kasanayang pagkatuto sa pagpapahalagang pantao o pakikipagkapuwa. Sa pagtuturo ng panitikan at kultura, isa itong indikasyon na pinagyayaman ang panitikang lokal at sariling wika sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga malalim na pagsuri sa ugnayan nito sa kultura.

Ang pagtuturo ng panitikan at pananaliksik sa Filipino ay naging bahagi sa kurikulum ng Senior High School (SHS) sa bisa ng Batas Republika Blg. 10533 o ang "Enhanced Basic Education Act of 2013." Sa pagdagdag ng asignatura na nakatuon sa Filipino at panitikan, itinuturo sa pansekundaryang edukasyon ang: Komunikasyon at Pananaliksik sa Wika at Kulturang Pilipino (Communication and Research on Filipino Language and Culture); Pagbasa at Pagsuri ng Iba't Ibang Teskto Tungo sa Pananaliksik (Reading and Critique of Different Research Texts); at Filipino sa Piling Larang bilang aplikadong asignatura na maaaring ituon sa akademiko, sining, at iba. Samakatwid, ang karagdagang dalawang taon sa kurikulum ng hay-iskul ay higit na makatutulong upang mapagtuonan ng pansin ang mga panitikang lokal sa bansa dahil na rin sa konsepto ng mga lokalisadong pag-aaral na pinaiiral sa pananaliksik sa Filipino.

Sang-ayon kay Casanova (2020), Komisyoner sa wikang Tagalog at Lorenzana (2020), dating Komisyoner sa wikang Bikol na nagpahayag noong inilunsad ang "Paglagda ng Memorandum ng Unawaan" para sa Sentro ng Wika at Kultura (SWK) ng Pamantasan ng Bikol, mayaman sa panitikan ang rehiyong Bikol na masasalalim sa iba't ibang varyasyon ng wika na taglay nito, at dapat maprotektahan at mapagtuonan ng pansin sa pamamagitan ng pagsasaliksik o pagdodokumento nito.

Sa katunayan, ang mga naging panawagan ng mga komisyoner ng Komisyon sa Wikang Filipino noong 2020 sa "Paglagda ng Memorandum ng Unawaan" para sa pagbuhay sa Sentro ng Wika at Kultura sa rehiyong Bikol ay tumutugon sa mga lehitimong batayan sa isinagawang pag-aaral ng mananaliksik.

Isinasaad sa Konstitusyon ng Pilipinas ang pagsasagawa ng mga pagsasaliksik sa panitikan at kultura ng bansa. Gayundin, itinatakda ng Artikulo XIV, seksiyon 14 at 17, "na dapat itaguyod ng estado ang pangangalaga, pagpapayaman, at dinamikong ebolusyon ng pambansang kulturang Pilipino batay sa prinsipyo ng pagkakaisa sa pagkakaiba-iba tungo sa malayang masining, at intelektuwal." Bukod pa rito, "dapat ding kilalanin, igalang, at protektahan ng estado ang mga karapatan ng mga katutubong pamayamang kultural na pangalagaan at paunlarin ang kanilang mga kultura, tradisyon, at institusyon. Dapat ding isaalang-alang ang mga karapatang-pantao sa pagbabalangkas gawaing magiging kapaki-pakinabang sa aspektong kultural, sining, at literatura tungo sa pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon sa mga mag-aaral."

Ang Batas Republika Blg. 7104 (KWF) na itinakda noong 14 Agosto 1991 ay nag-aatas na magsagawa, mag-ugnay, at magtaguyod ng mga saliksik para sa ikauunlad, pagpapalaganap, at preserbasyon ng panitikang Pilipino at ng iba pang mga wika sa Pilipinas.

Gayunman, alinsunod sa nakatadhana sa Batas Republika Blg. 7356 (NCCA), mandatong magtaguyod at maprotektahan ang kultura at panitikan ng bansa sa pamamagitan ng saliksik at iba pang kaugnay na gawain. Samantala, binanggit naman sa mandato ng Batas Republika blg. 5521 (BU), Batas Republika blg. 10066 (National Cultural Heritage Act), at Batas Republika na kilala sa tawag na Mother Tongue Based-Multilingual Education (MTB-MLE) na kinakailangang umayon sa mga prinsipyo at balangkas ng edukasyong multilingguwal ang pagtuturo ng panitikan na nakaangkla rin sa mga umiiral na bernakular na wika ang kurikulum sa pagtuturo ng lokal na akdang panliteratura.

Samantala, sa kabila ng mga probisyong nagtatakda para pangalagaan ang panitikang panrehiyon ng Bikol at patuluyang mga inisyatiba ng mga ahensiya ng pamahalan para palaganapin ito, pagdating sa pagsuri, pagkalap, at paglikha ng kagamitang panturo sa panitikang panrehiyon ng Bikol, ay nangangailangan pa rin ng mga pag-aaral sa panitikang Bikolnon na nakatuon sa pasantronikong anyo ng panitikan na makikita o mapapanood sa social media tulad ng mga vlog—bagong usbong na paraan ng pagpapahayag, pagpapahalaga at pagtatampok na sumasalalim sa mga sagisag-kulturang Pilipino, tradisyon, gawi, paniniwala, at iba pa na integral sa lipunang ginagalawan ng mga Bikolano o Pilipino na nagpapakita rin ng kariktan o artistikong merito para sa pagpapaunlad ng panitikan.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

Masasalalim sa pasalintronikong anyo ng panitikan tulad ng vlog ang makabuluhang sagisag-kultura sa rehiyon o bansa, kaya marapat lamang na pagtuonan ito ng pagpapahalaga upang magamit sa pagtuturo ng panitikang panrehiyon, na magbibigay-daan sa pagpaunlad, pagpapahalaga, at pagpapanatili ng panitikang Bikolnon, na isa sa mga itinuturing na wikang rehiyonal na may malaking gampanin sa pagpapayaman ng literaturang lokal.

Bukod sa mga nabanggit, ayon sa balita ng GMA 24 Oras (2021), topnotcher ang Pilipinas pagdating sa pinakamaraming oras na ginugugol sa online sa buong mundo, isang patunay lamang ito na sa dihital na panahon, parami nang parami ang tumatangkilik sa mga social media sites, na naglalaman ng mga babasahin o memes, at vlog.

Gayunman, dumarami ang lumilikha ng mga vlog na mayroong samot-saring paksa na kinahuhumalingan ng milyong Pilipino na patuloy na tumatangkilik nito. Batay sa views na naitatala ng YouTube at Facebook, pati na rin ng iba't ibang social media sites na patuloy na dumarami o lumulubo ang bilang ng tagapanood sa mga vlog na hindi maikakailang nagiging parte ito sa panitikang panrehiyon ng Bikol.

Bukod sa libreng napanonood ang mga vlog, malayang nakapipili ang tagapanood ng mga vlog ayon sa kanilang pansala. Maituturing na kabuhol ng vlogging ang paggamit ng taal na wika ng vlogger tulad sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa, na kilala rin sa tawag na "Boy Lado." Ang kaniyang tunay na pangalan ay Jerome Martinez Davis, ipinaganak noong 8 Setyembre 1992 at kasalukuyang nakatira sa Lungsod Naga, Rehiyon V. Ang wikang Bikol ang bukod-tanging gamit sa kaniyang vlogging, ngunit ginagamitan naman ng subtitle sa wikang Filipino para sa malawak na sakop ng kaniyang vlog.

Ang Bikolano vlogger na nakilalang si Boss Ka-Reppa ay isang matunog na pangalan sa larang ng mga vlog ngayon sa Rehiyon V, maging sa buong Pilipinas dahil sa hindi matatawaran nitong mga nalikhang vlog gamit ang wikang Bikol. Milyon-milyon ang kaniyang mga tagapanood na nagtulak sa ilang mga YouTube/TV channels upang imbitahan siya sa samot-saring gawain tuon ang kaniyang pantayong pananaw sa paggamit ng mga vlog sa pagpapahayag ng damdamin, kulturang Bikol na maiaambag sa literatura at wikang Filipino.

Taong 21 Nobyembre 2016 nang magsimulang mag-upload ng mga vlog si Boss Ka-Reppa sa kaniyang YouTube channel at simula noon hindi na natinag ang pagsikat at pagtangkilik sa kaniya ng milyon-milyong viewers. Hindi matatawaran ang husay ni Boss Ka-Reppa sa vlogging at pagpapatawa. Tinayatang mayroong mahigit 642,000 na mga YouTube subscriber at 195,023,167 ang mga view ng YouTube channel ni Boss Ka-Reppa nitong 4 Seytembre 2023, YouTube (2023). Gayunman, mayroong mahigit 2,600,000 na siyang followers sa kaniyang Official Facebook Account nitong 4 Setyembre 2023, Facebook (2023). Patuloy rin ang paglubo ng mga naglalahad ng kanilang mga komento/pagsuporta at pagbahahagi ng netizens sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa.

Maituturing na penomenon ang vlogger na si Boss Ka-Reppa sa rehiyong Bikol at sa buong bansa. Nararapat lamang na suriin at pagtuonan ng pansin ang mga vlog, dahil bukod sa bahagi ito ng literaturang Bikol, parte rin ito ng kulturang nasa dihital na komunidad. Higit pa rito limitado ang nagsagawa ng pag-aaral sa panunuring panliteraturang nakatuon sa kontemporaneong pasalintroniko.

Hindi maitatangi na mayroong mga Bikolanong vlogger sa Rehiyon V, ngunit bukod-tanging si Boss Ka-Reppa lamang sa mga ito ang nakatuon ang mga paksa sa kontemporaneong panitikan na nagtatanghal ng ugnayan ng isyung panlipunan at kulturang Bikolnon. Kung pagbabatayan ang nakalap na datos mula sa Facebook at YouTube hinggil sa mga viewer, follower, subscriber, at likhang mga vlog ni Boss Ka-Reppa, nakalalamang si Boss Ka-Reppa sa mga Bikolanong vlogger pagdating sa kontemporaneong panitikan. Hindi lamang siya nakalalamang sa bilang ng mga viewer, follower, subscriber; likhang mga vlog, kundi pati sa mga shared vlog. Sadyang tinatangkilik ang channel niya dahil na rin sa "societal relevance" ng paksa sa kaniyang vlog na lubos na kinahuhumalingan ng sektor ng kabataan, at iba pang sektor ng lipunan.

Samakatwid, napakahalaga ang pag-aaral kaugnay sa pagsusuri sa ganitong kontemporaneong panitikan. Higit na mahalagang tangkilikin at pahalagahan ang sariling panitik tulad ng mga vlog ni Boss Ka-Reppa, na nagtatampok ng kahusayan sa paglikha ng vlog.

Sang-ayon sa naging papel-pananaliksik ni Santos (2017) na may pamagat na "Panitikang Bikol at Panitikang Pambansa," bukod sa pagpapalalim sa pagtuturo ng panitikang panrehiyon ng Bikol, kailangan sakupin ng diseminasyon ng panitikang Bikol ang mas malawak na publiko, mga lugar na malalayo sa mga siyudad, at mga paaralan sa elementarya at sekundarya.

Panawagan din ni Santos na makatulong ang mga LGU sa mga barangay at munisipyo at ang ibang rehiyonal na kagawaran sa gawaing pagsasaliksik sa panitikang panrehiyon ng Bikol. Dagdag pa niya, hindi dapat umano malimita sa mga taunang pagdiriwang tulad ng buwan ng sining at buwan ng panitikan ang paghasa sa pagsulat at wika ang mga Bikolano, datapwat magamit ang panitikang Bikol sa larang ng pagtuturo ng panitikang lokal bilang bahagi ng pagbubuo ng pambansang panitikan.

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

Dagdag pa rito, bahagi sa Gabay Kurikulum ng Filipino sa Senior High School mula sa DepEd ang pagsusuri sa mga kontemporaneong panitikan/panitikang popular, kasama rito ang pagsasaliksik sa panitikang panrehiyon bilang bahagi ng pag-aaral sa proseso ng pagbasa at pagsusuri ng iba't ibang anyo at uri ng teksto tulad ng iba't ibang paraan ng komunikasyon sa social media, na nakatutulong sa pagbuo at pagsulat ng sistematikong pananaliksik.

Kaya sa pag-aaral na ito, bilang bahagi ng pagpapalaganap ng panitikang panrehiyon at pagtalima sa pangangailangan sa mga kagamitang panturo at pagsasaliksik ng iba't ibang anyo ng panitikang lokal, isinagawa ang pag-aaral na ito.

**Paglalahad ng Suliranin**

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga paksa sa mga vlog at kulturang Bikolnon batay sa pagsusuri sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa at makalikha ng kagamitang panturo sa panitikang panrehiyong ng Bikol. Isinagawa ang pag-aaral para sa layon nitong mas lalo pang malawak ang pagsusuri ukol sa pasalintronikong anyo ng pantikan sa rehiyong Bikol at paglikha ng kagamitang panturo bilang ambag sa pagpapayabong ng panitikan. Sinagot sa pag-aaral na ito ang mga sumusunod na suliranin:

1. Anong mga paksa sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa?
2. Anong mga kulturang Bikolnon ang inilalahad batay sa pagsuri sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa?
3. Anong mga kagamitang panturo ang maaaring malikha para sa literaturang Bikolnon batay sa: a. vlog ni Boss Ka-Reppa at b. sariling likhang vlog?

**METODOLOHIYA**

**Disenyo ng Saliksik**

Ginamit ang kuwalitatibo at kuwantitatibong pananaliksik (exploratory sequential design) dahil angkop ito sa pangangalap at pagsusuri ng mga paksa sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa at mga inilalahad na kulturang Bikolnon bilang elementong naratibo na pag-aaral, na sumasalamin sa hitik na panitikang lokal ng rehiyong Bikol. Naisagawa ang exploratory sequential design sa pag-aaral sa pamamagitan ng dalawang strand—unang isinagawa ang kuwalitatibong pag-aaral sa mga paksang sinuri at pag-uugnay ng mga paksa sa kulturang inilahad gamit ang tematikong pagsusuri; sunod na isinagawa ang kuwantitatibong saliksik sa pamamagitan ng pangungulekta ng numeral na datos at pagbibigay ng kaukulang pagsusuri, partikular sa pagtukoy ng bilang ng mga batayang paksa at kulturang Bikolnon, na inilahad sa sinuring vlog. Ito ang nagbigay ng datos numerikal sa pag-aaral. Ginamit ito sa pagbilang ng mga paksa at sa mga kulturang Bikolnon sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa; gayundin ang pagranggo na tumutukoy sa ranggo ng batayang paksa at kulturang Bikolnon na inilahad sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa na nakapagbigay ng masusing paglalahad ng mga elementong naratibo ukol sa paksa at kulturang Bikolnon na pinagtuonan ng pansin sa pag-aaral. Ayon sa Lewis University (2023) naipaliliwanag ang elementong naratibo sa pamamagitan ng kritikal na pagsusuri sa mga paksa ng isang kuwento o pagsasalaysay na nagpapaliwanag ng mga pinakamahahalagang konseptong pampanitikan at aspektong kultural.

Ang palarawang pagsusuri at purposive sampling ay ginamit sa pag-aaral partikular ang nonstatistical sampling (nonprobability) sa mga sinuring vlog na nakikitaan ng mga batayang paksang pampanitikan. Ayon kay Glatch (2023), inilalarawan sa batayang paksang pampanitikan ang pangunahing idea na inilalahad sa isang anyo ng panitikan, na mayroong ugnayan sa mga tauhan, balangkas, tagpuan, tunggalian, at maging salitang ginagamit na mayroong ugnayan sa aspektong kultural. Nagsilbing gabay naman ang modelo ni Caulfied (2020) sa isinagawang tematikong analisis sa pag-aaral para sa pagsusuri sa paksang kabutihan vs kasamaan, tao vs lipunan, tao vs sarili, pamilya, kapangyarihan at korapsiyon, identidad, hubris, pagtanda, at kapalaran vs kalooban, na nagsisilbing arketipo dahil sa nagtatanghal ang ganitong paksang pampanitikan ng iba't ibang karakter na sumasalalim sa danas ng tao, gayundin sa kulturang Bikolnon batay sa pagsusuri sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa, tulad ng paniniwala at pamahiin, pagkain, hanapbuhay, kasuotan, relihiyon, pista, sining, koneksiyon sa kapaligiran, wika, at literatura ay binigyan ng kaukulang analisis.

Sa paglikha ng banghay-aralin bilang kagamitang panturo sa panitikang panrehiyon ng Bikol, ginamit ang taksonomiyang pang-edukasyon ni Bloom (1956) upang para kasanayang pagkatuto batay sa dominyo ng pag-aaral tulad ng cognitive, affective, at psychomotor.

Ginamit naman ang Gradual Psychological Unfolding (GPU) bilang pagpapadaloy ng talakayan. Ayon sa University of the Philippines (2023), ang GPU ay isang dulog sa talakayan na binuo ni Prof. Basilisa Manhit, tagapagtatag ng Departamento ng Pagbasa sa Unibersidad ng Pilipinas. Nagagamit ang GPU sa pamamagitan ng



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

mabagal ngunit lohikal na paraan na pagtatanong at aktibidad. Ang mga gabay na tanong ay nagbibigay ng unti-unting pag-unawa ng mga mag-aaral sa tinatalakay na kuwento o pagsasalaysay, at pagtukoy ng mga paksa kaugnay rito.

Ginamit din ang dulog na multimodal sa paglikha ng banghay-aralin, na may pangunahing layon na pahusayin ang kalidad ng pagtuturo sa pamamagitan ng pagtutugma ng paghahatid ng nilalaman sa pinakamahusay na paraan ng pagkatuto mula sa mag-aaral, tulad ng paggamit ng vlog na mayroong elemento ng multimedia. Gayundin, ginamit ang kritisismong sosyokultural sa pagsuri ng anyo ng panitikan at kulturang nakapaloob sa literatura sa paglahad sa holistikong pagtingin kaugnay sa implikasyon ng lipunan tulad ng aspektong kultural at pangnilalaman ng panitikan.

Sa sariling likhang produksiyon ng vlog bilang awtput ng pag-aaral, ginamit ang video editor sa computer upang matiyak ang kalidad sa pamamagitan ng paghanda ng kagamitan tulad ng laptop, camera, raw file na video at audio. Pangunahing format ang pagsasalang-alang ng (1) trimming footage—(2) musika, sound effects, (3) visual effects at transitions; at ginamit din ang single-point rubric sa pagtaya ng kabuoang kriteryong itinadhana sa pagbuo ng maiksi ngunit malamang mga vlog. Tumatagal lamang ng dalawa hanggang apat na minuto ang mga vlog ngunit ang mga ito ay tumutugon pagpapayaman ng panitikang Bikolnon sa panahon ng teknolohiya.

**Paraan ng Pagsasagawa**

Naisagawa ang pagsuri sa mga paksa at kulturang inilalahad sa mga vlog, at paglikha ng mga kagamitang panturo para sa panitikang panrehiyon ng Bikol sa pamamagitan ng sumusunod:

Paghingi ng Pahintulot. Humingi ng pahintulot sa kinauukulan ng Paaralang Gradwado ng Pamantasan ng Bikol, Lungsod Legazpi ang mananaliksik para maisagawa ang pag-aaral sa pamamagitan ng pagsumite ng mga kahingiang dokumento at pagbibigay ng mga liham-komunikasyon, gayundin sa mayroong karapang-sipi ng mga nasuring vlog.

Paglikom ng Datos. Nalikom ang mga datos batay sa nasuring vlog ni Boss Ka-Reppa gamit ang Uniform Resource Locator (URL) ng mga vlog, na pokus sa pagsusuri sa mga vlog sa YouTube channel ni Boss Ka-Reppa, sumunod sa fair use policy sa social media at sa alituntuning etikal o intelektuwal na pagmamay-ari alinsunod sa ipinaiiral na Batas Republika Blg. 8293—An Act Prescribing the Intellectual Property Code and Establishing Intellectual Property Office, Providing for its Powers and Functions, and for other Purposes. Nalikom ang mga paksa at kulturang Bikolnon na inilalahad sa mga vlog gamit ang talahanayang inihanda ng mananaliksik upang masuri ang ugnayan ng mga ito sa konteksto ng panunuring pampanitikan.

Pagbigay ng Kahulugan sa Datos. Sinuri ang mga paksa ni Boss Ka-Reppa at nakategorya ang mga ito sa tulong ng sandigang teorya ng pag-aaral, at paggamit ng tematiko, kontekstuwal, at tekstuwal na analisis na nakapaglahad ng mga paksang pampanitikang nakapaloob sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa. Batay sa mga nakalap na kasagutan, naghanda ang mananaliksik ng talahanayan upang gamitin sa pagbigay ng kahulugan sa datos. Naisagawa ito upang higit na mapalawak ang paglalahad ng tematikong pagsusuri bilang bahagi ng isinagawang pag-aaral na magagamit sa pagtatalakay ng panitikang panrehiyon ng Bikol.

Sinuri ang mga kulturang Bikolnon sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa. Batay sa paglalahad ng mga paliwanag mula sa awtentikong reperensiya at iskolar, at pagsusuri sa pagkabuoan, nakategorya ang natuklasang kulturang Bikolnon sa dalawa—ang materyal at di-materyal na kultura. Isinagawa ito upang higit na maunawaan at makategorya ang pagkakaiba ng uri ng kulturang Bikolnon na nasuri sa pag-aaral.

Paglikha ng Banghay-aralin na panturo sa Panitikang Panrehiyon ng Bikol. Nilikha ang tatlong (3) banghay-aralin bilang kagamitang panturo sa panitikang panrehiyon ng Bikol. Nagsilbing batayan ng kasanayang pagkatuto ang taksonomiyang pang-edukasyon ni Bloom (1956) na nakaangkla sa cognitive, affective, at psychomotor. Nagsilbing batayan din ang Gradual Psychological Unfolding (GPU) sa pagpadaloy ng talakayan na makikita sa banghay-aralin—lohikong ang paraan sa mga tanong at aktibidad. Binuo ang banghay-aralin bilang kagamitang panturo upang higit na makapagbigay ng kontribusyon sa larang ng pagtuturo ng panitikang panrehiyon ng Bikol.

Ginamit din ang dulog na multimodal sa paglikha ng banghay-aralin, tungo sa kalidad ng pagtuturo sa pamamagitan ng pagtugma ng paghatid ng nilalaman sa pinakamahusay na paraan na paggamit ng vlog sa pagkatuto ng makrong kasanayan. Ang pag-usbong ng mga platapormang online ngayon tulad ng vlog ay kapaki-pakinabang sa paglunsad ng mga aralin sa panitikan. Batay sa multimodal na dulog, saklaw ang pagpaunlad ng pakikinig, panonood, pagbabasa, at pagsulat ng mga mag-aaral.

Gayundin, ginamit ang kritisismong sosyokultural sa pagsusuri ng mga kulturang nakapaloob sa literatura. Ang kritisismong sosyokultural ay mahalaga sa pakikipag-ugnayang panlipunan para sa sikolohikong pag-unlad. Ang dulog na ito ay nagmumungkahi ng pag-uugnay ng literatura at kultura.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

Paglikha ng Vlog sa Pagtuturo ng Panitikang Bikol. Ang mananaliksik ay lumikha ng sariling vlog sa pagtuturo ng panitikang Bikol at ipinasuri ito sa propesyonal na videographer at video editor. Isaalang-alang ang mga elemento sa pagkukuha ng video at audio sa tulong ng sumusunod na kagamitan: DSLR camera, tripod, camera light, portable digital audio recorder, bluetooth earphones, lenses (wide angle atbp.), flash memory cards, external drive, at iba pang katulad. Gumamit din ng teleprompter upang magsilbing gabay sa vlogging na isinagawa.

Pagsagawa ng Video Editing ng mga Vlog. Nag-outsource ang mananaliksik ng isang propesyonal na videographer at video editor para sa pagpaedit ng mga nalikhang vlog. Ginamit ang video editor sa computer upang matiyak ang kalidad ng produksiyon ng mga vlog sa pamamagitan ng paghanda ng kagamitan tulad ng laptop, camera, raw file na video at audio. Isinagawa ang sumusunod: (1) trimming footage—inalis ang mga hindi angkop na footage; pinili lamang sa mga pinakamahusay sa mga ito at ginamit para sa pagsapinal ng video. Tiniyak din na walang nanginginig na frame at/o out-of-focus na mga kuha, o wala sa lugar na komposisyon; gayundin pinaghiwa-hiwalay ang footage sa pangunahing footage na bumubuo sa mga kuhang video, at mga filler na kasama sa binuong produksiyon; (2) Musika, VFX Tunog, at Boss—ang mga sound effects, VFX, musika ay ginamit sa video editing para lumitaw at lalong kuminang ang kariktan ng nabuong vlog. Siniguradong lahat ng mga ito ay angkop sa boses ng vlogger na naka-sync; (3) Visual effects at transitions—piniling maging minimalist ang transition at visual effects upang maihatid sa tagapanood and paksa ng mga vlog sa paraang pormal at di-maligoy; (4) single-point rubric (mula sa KWF na na-modify ng mananaliksik)—ang ginamit ito upang episyenteng mailahad ang kalakasan at kahinaan sa pag-eedit ng mga vlog. Tinaya rito ang kabuoang pamantayan sa pagbuo ng maiksi ngunit makabuluhang mga vlog kaugnay sa literaturang Bikol upang higit na maging kawili-wili ang pagtalakay sa mga panitikang panrehiyon ng Bikol.

Ebalwasyon ng Likhang Vlog. Limang (5) kagawad ng Lupon ng Juror ang naging tagasuri sa nabuong vlog. Ginamit ang single-point rubric at pormularyo ng pamantayan sa video editing para sa tabulasyon ng resulta. Nagsimula ang papa-juror noong 9 Setyembre 2022 at natapos noong 12 Setyembre 2022. Ayon sa mga komento ng juror, magagamit ang mga nabuong vlog at malaki ang maitutulong nito sa pagtuturo ng panitikang Bikol. Ang mga naging juror para sa nalikhang vlog ay eksperto sa larang ng pagbuo ng kagamitang panturo. Batay sa mga markang ibinigay ng mga juror, nakakuha ng 94.8% average score ang inakdang vlog. Isinagawa ang ebalwasyon sa mga likhang vlog para sa kaukulang balidasyon mula sa mga eksperto sa pagbuo ng katulad na kagamitang panturo.

**Estadistikang Ginamit**

Ginamit ang sumusunod na estadistika para sa pagtukoy ng bilang ng mga batayang paksa at kulturang Bikolnon na inilahad sa sinuring vlog: a. Pagbilang (Frequency Count). Ito ang nagbigay ng datos numerikal sa pag-aaral. Ginamit ito sa pagbilang ng mga paksa at sa mga kulturang Bikolnon sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa; b. Pagranggo. Tumutukoy ito sa ranggo ng batayang paksa at kulturang Bikolnon na inilahad sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa.

**Konsiderasyong Etikal**

Sa pagsasagawa ng pag-aaral na ito, sinigurado ng mananaliksik na ang nakalap na mga impormasyon o datos ay mananatiling pribado at kompidensiyal alinsunod sa mga pertinenteng itinadhana ng Batas Republika Blg. 10173 o kilala sa tawag na "Data Privacy Act of 2012" ng Pilipinas. Para sa mga naging juror ng isinagawang kagamitang panturo tulad ng sariling likhang vlog, nagliham ang mananaliksik sa limang juror upang hingin ang kanilang permiso sa pagsagawa ng ebalwasyon ng likhang vlog. Para sa partipasyon ng limang napiling juror sa pagsagawa ng ebalwasyon ng likhang vlog, tiniyak ng mananaliksik na mananatiling kumpidensiyal ang mga pangalan ng mga juror, at tanging grado at mga komento kaugnay sa ebalwasyon lamang ang nilikom gamit ang inihandang tabulasyon para sa pagsagawa ng kaukulang pagbibigay ng interpretasyon sa naging resulta. Humingi rin ng pahintulot sa vlogger ng mga vlog na suri ang mananaliksik sa pamamagitan ng korespendensiya opisyal.

**RESULTA AT TALAKAY**

Inilahad dito ang naging ng interpretasyon at pagtataya ng mga datos na nasuri kaugnay sa analisis sa mga paksa ng vlog, nasuring kulturang Bikolnon na inilahad sa analisis sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa, at nalikhang mga banghay-aralin at sariling likhang mga vlog na magagamit bilang kagamitang panturo sa panitikang panrehiyon ng Bikol.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

**Mga Paksa sa Vlog ni Boss Ka-Reppa**

Makikita sa talahanayan na nanguna ang paksang kabutihan vs kasamaan na may kabuoang bilang na apat (4). Ang mga vlog na nasa kategorya ay "Impyernow," "Mga Kumpaniya sa Pinas Be Like," Job Interview Be Like: Yung Ayaw Sayo Nung Nag Iinterview: Interview Part 3," "Interview Part 3 Opssss," "Wanpipti," Bisyo sa Panahon ng Lockdown," "Mama Mo," "Mamo Mo Part 2," "Boy Lado Part 15: The English Man," at "Relief Part 2."

Naikategorya ang mga nalikom na batayang paksa batay sa nasuring vlog. Nakapagtala ng siyam na batayang paksa sa vlog ni Boss Ka-Reppa na sinuri gamit ang tematikong analisis, at isinaayos ang pagkakasunod-sunod ng mga batayang paksa batay sa ranggo ng mga ito. Ang mga nakalap na batayang paksa sa vlog ay makikita sa talahanayan 1.

Ang mga nasuring vlog sa talahanayan ay kakikitaan ng elementong naratibo, na naglalahad hindi lamang ng samot-saring paksa, kundi ng mga kulturang Bikolnon. Nanguna sa ranggo ang paksang kabutihan vs kasamaan na inilalahad sa vlog na "Impyernow," "Wanpipti," "Bisyo sa Panahon ng Lockdown," "Relief Part 2."

Ayon sa Blue Marble (2023), ang paksang pampanitikan na kabutihan vs kasamaan ay tumutukoy sa pinagsamasamang moral na matuwid sa mga karakter, hindi rin umano nakaaalis ang isang kuwento sa panitikan kung isang puwersa lamang nangingibabaw sa buong istorya, mabuti man o masama. Sa halip ang panitikan ay sumasailalim sa kumbinasyon ng dalawang paksang ito. Nariyan ang protagonista at antagonista na nagbibigay ng aksiyon sa at kulay sa isang anyo ng panitikan.

Ang paksang pampanitikan na kabutihan vs kasamaaan ay nangingibabaw sa iba pang paksa sa panitikan. Sang-ayon sa naging paliwanag ukol dito ng The Novelry (2019), aniya, matagal nang naging unibersal na tema ng ating mga panitikan ang kabutihan vs kasamahaan at hindi lamang masasamang kuwento ang ipinapakita rito, o yaong nagmumuni-muni sa nakabaon na mga estruktura ng kapangyarihan, kung saan nabubuhay ang mga tao. Kahit na ang mga pinakamaliwanag na kuwentong pambata ay madalas na mayroong parehong paksa, kahit na minsan ay mayoong mga nakatatawang masasamang tao sa kuwento.

Talahanayan 1
Mga Paksa sa Vlog ni Boss-Reppa

| BATAYANG PAKSA | PAMAGAT NG VLOG NI BOSS KA-REPPA | | | | | | | | | | KABUOAN | RANGGO |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Impyernow | Mga Kumpaniya sa Pinas Be Like | Job Interview Be Like: Yung Ayaw Sayo Nung Nag Iinterview: Interview Part 3 | Interview Part 3 Opssss | Wanpipti | Bisyo sa Panahon ng Lockdown | Mama Mo | Mama Mo Part 2 | Boy Lado Part 15: The English Man | Relief Part 2 | | |
| Kabutihan vs Kasamaan | / | | | | / | / | | | | / | 4 | 1 |
| Tao vs Lipunan | | / | | | | | | | / | / | 3 | 2 |
| Tao vs Sarili | | | / | / | | | | | | | 2 | 5 |
| Pamilya | | | | | | | / | / | | | 2 | 5 |
| Kapangyarihan at Korapsiyon | / | | | | | | | | | / | 2 | 5 |
| Identidad | | | | | | | | | / | | 2 | 5 |
| Hubris | / | | | | | / | | | | | 2 | 5 |
| Pagtanda | | | | | | | | / | | | 1 | 8.5 |
| Kapalaran vs Kalooban | | | / | | | | | | | | 1 | 8.5 |

Dagdag pa niya, mayroon ding klasikong makasaysayang panitikan, na maaaring tumuon sa isang tiwaling pigura ng kasamaan ng tao tulad ng mga kalupitan na matutunghayan sa panahon ng World War II, ngunit


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

ipinapakita na bagaman mayroong patuloy na pakikibaka sa pagitan ng magkasalungat na puwersa ng kabutihan vs kasamaan, ang kabutihan pa rin ang kadalasang nananalo. Tulad sa nasuring vlog na "Impyernow" ni Boss Ka-Reppa, ikinikintal sa bawat paksa ang talinghaga sa buhay ng tao sa lipunan na mayroong reproduksiyon o panggagaya, dahil sa taglay na arketipo ng iba-ibang danas ng indibidwal, na mayroon naming kolektibong di-malay na nakikita sa masiglang akda ni Boss Ka-Reppa.

Isinisiwalat ang maling gawi ng tao habang nabubuhay pa. Nagsisilbing arketipo ang mga paksang nasuri, dahil ang ganitong mga paksa ay makikita rin naman sa akdang pampanitikan, na nagtatampok ng iba't ibang karakter na sumasalalim sa danas ng Pilipino, tulad na lamang sa konteksto ng pananampalataya at pag-uugali. Sa vlog ni Boss Ka-Reppa itinatampok ang mga kasalanan ng mga tao. Ipasok rin sa vlog ni Boss Ka-Reppa ang paulit-ulit na paglalahad ng kasalanan ng tao, at ginamit ang impiyerno bilang lugar o pook ng parusa sa mga kaluluwa na makasalanan.

Dahil dito, nakategorya sa paksang kabutihan at kasamaan ang nasuring vlog, na taglay ang pagtatanghal ng karakter sa paraang satira (satire)—katangian ng pagiging katawa-tawa, layag ang imahinasyon o komiko ang pagpapahayag ng vlogger upang aliwin ang mga netizen o viewer na akdang pumupuna sa mga bisyo o kapintasan ng tao dahil sa maling gawi sa paraang mapagpatawa, mapangkutya, at maparikala; at layong makapag-iwan ng pagbabago sa manonood. Ipinakita ang mga tagpo na nagpapakita ng pagnanakaw, pagiging tsismosa/tsismoso, pagpapakitang-tao, pagiging balimbing, pambabastos, paggamit ng pangalan ng Diyos upang manloko o manlinlang, pagmamaneho na nakainum/lasing at hindi pagsunod sa batas-trapiko, panlalamang, pag-inom ng alak, pagiging matapobre at social climber, scamming. Inilahad din sa kuwento ang pagiging "pakboy" umano ng lalaki, at pambubogbog ng asawang lalaki sa kaniyang kabiyak. Inilahad din ang korapsiyon—pagnanakaw sa kaban ng bayan o pag-aabuso sa hawak na kapangyarihang ibinigay ng taong-bayan.

Isa rin ang vlog na "Wanpipti" na nasa ilalim ng kategoryang kabutihan vs kasamaan. Malinaw na itinatampok sa vlog ang paksang mayroong kaugnayan sa karahasang seksuwal na hindi maitatanggi na hanggang sa ngayon, patuloy na nilalabanan ito ng lipunan. Ipinapakita rin dito ang magkaibang karakter—ang protagonista at antagonista bilang simbolo ng kabutihan vs kasamaan. Ang ganitong paksa ay kadalasang nangyayari sa panitikan, gayundin sa totoong buhay. Ang kasamaan ay naglalaro ng tukso habang ang kabutihan ay nagmamakaawa para sa pangalawang pagkakataon upang mabuhay.

Nasa kategoryang kabutihan vs kasamaan din ang nasuring vlog na "Bisyo sa Panahon ng Lockdown." Naipakita sa vlog ang bisyo ng tao bilang isang masamang gawi na bunga ng impluwensiya ng kapaligiran, at ang di-kasakdalan o kahinaan ng pagkatao. Ipinapahiwatig din sa nasuring vlog ang kasalanan, kabiguan, at pagkukulang ng tao. Ayon sa University of Leeds (2023), ang mga kasalanan ng karahasan ay isinaayos sa isang herarkiya: ang mga kasalanan ng karahasan laban sa iba ay itinuturing na hindi gaanong mabigat kaysa mga kasalanan ng karahasan laban sa sarili; at ang karahasan laban sa Diyos ang pinakamabigat sa lahat ng kasalanan ng karahasan.

Sa nasuring vlog na "Relief Part 2," nagpapahiwatig din ng paksang kabutihan vs kasamaan, partikular sa usapin ng korapsiyon, dahil sa hindi pantay na pagbibigay ng serbisyo publiko ng pamahalaan sa panahon ng pandemya. Isang kathang-isip lamang ang vlog, ngunit, kakikitaan ito ng tunay na pangyayari sa panahon ng pandemya. Masasalalim dito ang kapangyarihan at katiwalian, na dalawang konsepto na nagkaugnay. Ang ganitong paksa sa panitikan sa iba't ibang antas, mula sa kapangyarihan sa ibang tao hanggang sa kapangyarihan sa buhay o kamatayan mismo. Nagpapahiwatig din ang nasuring vlog na ang anumang uri ng kapangyarihan ay dumarating ang potensiyal para sa katiwalian, na kadalasang ginalagugad ang maling paggamit ng kapangyarihan, o ang panahon ng panunungkulan ng tao.

Samaktwid, ang ganitong paksang pampanitikan ay sumasalalim din sa relihiyon o pananampalataya ng mga Bikolano bilang bahagi na ng kulturang Bikolnon, na nagpapaliwanag ng kabutihan at kasamaan. Matatandaang ang vlogger na si Boss Ka-Reppa—ang may-akda ng mga nasuring vlog ay mula sa Lungsod Naga, kung saan tradisyonal na ipinagdiriwang ang Pista ng Nuestra Señora de Peñafrancia, na isa sa pinakamahalagang relihiyosong kaganapan sa rehiyong Bikol. Tuwing Setyembre ang panahon ng matinding relihiyoso at sibikong pagdiriwang nito, at tinatawag na "Inâ" ang mahal na patron ng mga lokal na deboto.

Sang-ayon sa Pangasiwaan ng Estadistika ng Pilipinas (2020), naitalang 93.5% o 5,670,993 sa rehiyong Bikol ang Romano Katoliko. Dagdag pa ng PSA (2020), sa labimpitong rehiyon sa bansa, ang rehiyong Bikol ang mayroong pinakamataas na proporsiyon ng Romano Katoliko.

Isa rin ang vlog na "Mga Kumpaniya sa Pinas Be Like"na kakikitaan ng paksang tumatalakay sa paksang kalipikasyon na dapat taglayin ng mga aplikante bilang kahero sa isang kumpaniya. Itinatanghal sa vlog na dapat palaging kaaya-aya—punong-puno ng lugod ang karakter o kasiya-siya sa paningin ng sinuman ang matatanggap na aplikante. Ipinapakita rin sa vlog ang hindi kaaya-kayang diskriminasyon kaugnay sa kasarian ng aplikanteng


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

nagtatangkang magkaroon ng trabaho, dahil ayon sa itinatanghal na tagpo o karakter dapat umano na balingkinitan at mataas ang pangangatawan ng matatanggap na aplikante at taglay ang pagiging mataas at mayroong maayos na hubog na pangangatawan na naayon sa katangiang nakalulugod, sinasabi rin dito na dapat umanong "tisoy" at "mayroong abs o maskulado. Samakatwid, nakasentro ang paksang pangkasarian na tampok sa vlog na ito ang konteksto ng "body shamming" na hindi pa rin matigil sa lipunan, at na tunay na nangyayari sa sektor ng kababaihan pati rin sa kalalakihan. Bukod pa rito, napakataas ng kalipikasyon bilang kahingian para matanggap sa isang trabaho, halimbawa na lamang dito ang kalipikasyon na dapat umano nakapagtapos ng BS Accountancy with Honors at Certified Public Accountant (CPA) ang posisyon sa trabaho bilang kahero.

Bilang pag-uuugnay sa mga naging paksa sa vlog na "Mga Kumpaniya sa Pinas Be Like" ni Boss Ka-Reppa, tampok dito ang panayam ng aplikante sa pagitan ng empleadong nakikipanayam sa kaniya, bagaman satira ang paraan ng pagpapahayag sa mga paksa, tinangkang ipakita ang maling sistemang umiiral sa Pilipinas hinggil sa mataas na kalipikasyon upang matanggap sa industriya. Sa katunayan, ang ganitong paksa ay hindi na bago sa panitikan, nagsisilbi itong arketipo tulad ng eksenang panghuhusga ng kumakapanayam sa aplikante. Gayundin, ang pagbibigay ng puna sa pisikal o panlabas na anyo ng isang aplikante, at ang pagiging gahum o pagkakaroon ng kapangyarihan ng isang kumpaniya na makapaghari.

Samantala, kakikitaan din ng kulturang Bikolnon ang paksang nasuri sa vlog, tulad na lamang ang kahalagahan ng pakikitungo o pakikipagkapuwa-tao. Bagaman, satira ang paraan ng paglalahad sa vlog ni Boss Ka-Reppa, malinaw naman na kabalintunaan ito sa tunay na kultura sa komunidad ng Bikol. Sapagkat ang pakikitungo o pakikipagkapuwa-tao, at kagandahang-loob bilang kulturang Bikolnon ay nakaugat na iba't ibang aspektong kultural sa Bikol na masasalalim sa mga literatura tulad ng tigsik, rawitdawit, kansang suanoy, ariwaga, paukod, at iba pa na naghahayag ng mga sagisag-kultura ng Bikolano.

Sa "Job Interview be Like: Yung Ayaw Sayo Nung Nag Iinterview" na vlog ni Boss Ka-Reppa naman, tampok ang mga eksena sa vlog na ito ang pag-interbyu ng isang tagapanayam sa kinakapanayam. Naitampok sa vlog na ito ang paksang panghanapbuhay, gaya ng kalipikasyon na kailangang 25 edad pataas na gulang ang kahingian para matanggap sa trabaho. Dapat din umanaong masipag magtrabaho; kayang tanggapin kung mabalam ang pagtanggap ng buwanang sahod; tumayo sa loob ng walong oras hanggang 48 oras nang tuloy-tuloy; marunong magmaneho ng submarine; at mayroong pleasing personality. Samantala, kalipikasyon rin umano na nakapagtapos sa antas ng kolehiyo na mayroong dalawang taon na karanasan sa kaugnay na industriya sa inaaplay na trabaho. Inilalahad pa na dapat umano walang kasintahan, walang "mamasang," walang kalaguyo o kabit, walang baklang inaaasahan sa usaping pinansiyal, o anumang kaugnay nito; inilahad din na dapat umano mayroong taas ang pangangatawan na 6'6 ft.

Samantala, sa "Interview Part 3 Opssss" inilarawan dito na matatanggap lamang umano ang isang aplikante kung mayroong personal na misyon at bisyon sa buhay, nangangahulugan na dapat umano sa pagtatrabaho, bukod sa pagmamahal sa sarili dapat din umanong maglaan sa trabaho ng higit na oras para sa tunguhin ng sariling kinabukasan at hinaharap ng kinabibilangang kumpaniya o opisina. Dagdag pa, tatanggapin lamang umano ang aplikante kung mayroon nang dating hanapbuhay o nakaaangat ang istatus nito sa buhay. At kahingian din umano upang matanggap sa trabaho sa isang ahensiya o opisina ang katangiang hindi nagkakasala o nakagagawa ng anumang mali bilang tao. Dapat din umanong mataas ang pinag-aralan ng isang aplikante, samantala kung hindi naman nakapagtapos sa pag-aaral ay sapat na umano ang pagkakaroon lamang ng backer—ang nagmungkahi sa aplikante upang makatanggap sa kaniyang trabaho upang matanggap agad-agad sa trabaho. Sadyang napakataas ng kalipikasyon ang hinihingi sa mga binanggit na vlog, at higit umano na makalalamang ang sinumang mayroong tinatawag na "backer" kahit na ang kasabay na aplikante ay gradwado bilang cum laude o honor graduate. Ipinapakita rin dito ang siklo na umiinog sa sistemang nabanggit upang makapagtrabaho sa isang industriya. Ipinapakita rin dito na higit na lamang ang sektor ng kalalakihan sa mga bakanteng posisyon dahil sa maling kaisipan ng industriya. Samantalang, limitado ang oportunidad ng kababaihan sa lakas-paggagawa sa iba't ibang industriya.

Bilang pag-uugnay sa mga paksang tinatanghal sa nasuring vlog na "Job Interview be Like: Yung Ayaw Sayo Nung Nag Iinterview" at "Interview Part 3 Opssss" ni Boss Ka-Reppa, ang mga pangyayaring paghahanap ng trabaho o pakikipanayam ng aplikante sa kinatwan ng employer ay nagsisilbing arketipo sa larang ng panitikan sa paraang pasalaysay, na ang vlogger na si Boss Ka-Reppa rin ang gumaganap sa vlog na ito. Hindi nagbabago ang itsura ng karakter, subalit nagbabago ang boses, pananamit o kasuotan upang ipakita ang bawat mga karakter.

Samaktwid, ang mga paksang nasuri sa vlog ni Boss Ka-Reppa na nakatuon sa pagtatanghal ng hanapbuhay ay kakikitaan ng kulturang Bikolnon, na maiuugnay sa tradisyonal na hanapbuhay ng mga Bikolano, taliwas sa nasuring paksa na nakatuon lamang sa kontemporaneong hanapbuhay sa konteksto ng pagtatrabaho sa isang


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

kumpaniya, bagaman bahagi rin naman ito ng kulturang Bikolnon nakilala naman sa aspektong kultural na hanapbuhay ang Bikol sa mga likhang-kamay sa abaka.

Sang-ayon kay Almario (2013), partikular sa kaniyang inakdang *Sagisag Kultura ng Filipinas*, tinatampok ang mga sagisag pangkultura sa Pilipinas, at bahagi rito ang kulturang Bikolnon pagdating sa paghahapbuhay ukol sa abaka—napapgkukunan ng himaymay, kawangis ito ng dahon ng saging, na nakapagbibigay ng kapakinabangang pang-ekonomiya sa rehiyong Bikol at sa bansa, dahil na rin sa potensinyal dito sa paggawa ng lubid, basket, at papel de manila.

Sa vlog na "Wanpipti" ni Boss Ka-Reppa, ipinapakita ang maling pag-uugali tulad ng catcall—pagtawag sa indibidwal gamit ng pagsipol, pagsigaw, at pag-udyok sa paraang seksuwal. Malinaw na itinatampok sa vlog ang paksang mayroong kaugnayan sa karahasang seksuwal na hindi maitatanggi na hanggang sa ngayon, patuloy na nilalabanan ito ng lipunan. Gayunman, isa itong arketipo na paksa na makikita sa mga sinuring vlog ni Boss Ka-Reppa na naglalahad ng kaisipan ng mga tao na mali at kasalanan ang ganitong gawi.

Bilang pag-uugnay sa paksang nasuri sa vlog na "Wanpipti" ni Boss Ka-Reppa, tinatampok sa vlog ang paninipol, sexual harassment, at iba pang katulad. Samakatwid, ang ganitong mga arketipo sa panitikan ay hindi pa rin natatapos, lalo na ang ganitong nakalulungkot na paksa ay patuloy na nababalita sa telebisyon, radio, social media platforms, at iba pang katulad. Bagaman, ang vlog ni Boss Ka-Reppa ay isang bunga lamang ng kaniyang malikot na imahinasyon, ito ay nagtatanghal ng pagmulat sa paunti-unting pagkawala ng nakagisnang kultura ng mga Bikolano dala ng nagbabagong daigdig, partikular ang kulturang Bikolnon pagdating sa wastong pakikutungo sa kapuwa-tao. Sa katunayan, masasalalim sa iba't ibang kulturang Bikolnon ang wastong pakikitungo sa pakikipag-ugnayan o pakikibahagi sa iba't ibang kaganapan tulad ng binyag, pista, kasal, at relihiyosong kaugalian tulad ng sagala, simbang-gabi, ermita, pasyon o pabasa, prusisyon, soledad, pangadyi o padasal, apag o paghahain bilang pasasalamat sa Diyos.

Sa "Bisyo sa Panahon ng Lockdown," tinatanghal ang pagiging "adik" ng isang indibidwal sa kabila ng kinakaharap na pandemya ng daigdig, ipinapakita rin dito ang pag-uugali ng isang taong adik hinggil sa pagbibisyo partikular na sa paggamit ng ilegal na droga na humahantong sa pagbenta o pagpalit ng anumang pag-aari para lamang sa maling bisyo ng tao. Tinawag na "lowbat" ang tao na hindi nakagamit ng ipinagbabawal na gamot. Tampok din sa vlog na ito ang pag-udyok sa kasamahan na mapagbigyan siya sa kaniyang bisyo kahit na limitado ang pagkilos o paglabas ng mga tao dahil sa pandemyang kinakaharap, hindi lamang ng ating bansa bagkus ng buong daigdig. Ipinapakita rin dito kahit na labis ang pangamba ng karamihan dahil sa nakamamatay na pandemya ay nagagawa pa rin ng iilan na ipagpatuloy ang kanilang bisyo kapalit ng mga bagay tulad ng alcohol, ayuda, at iba pang katulad bilang kabayaran sa hinihinging pantawid-bisyo para sa nakahiligang ilegal na gawain. Humantong din ang paksa sa pag-alok sa kasama ng isang bata bilang pampalit sa hinihinging droga.

Bilang pag-uugnayan sa nasuring vlog ni Boss Ka-Reppa na "Bisyo sa Panahon ng Lockdown," inilalahad sa nasuring paksa ang komprehensibong laban kontra-droga ng adminsitrasyong Duterte, ikinkintal sa vlog na ito ang tungkol sa isang indibidwal na nalulong sa ilegal na bisyo tulad ng pagtutulak ng droga sa panahon ng lockdown dahil sa pandemyang COVID-19. Ipinapakita ang masamang nagiging dulot ng ilegal na droga, tulad ng pagkasira sa maayos at mabuting kalagayan ng pag-iisip ng tao. Gayundin, sa nagaganap na human trafficking na kayang gawin ng tinatawag na "high na high" o matindi na ang epekto ng drogra sa pag-iisip ng isang tao.

Bagaman, ilegal na droga ang naging pangunahing pinag-uusapan sa nasuring vlog, hindi maikakailang itinatanghal din dito ang kahalagahan ng pagkakaroon ng pagkain. Sa kulturang Bikolnon, nagsisilbi ring simbolo ng makulay na kultura ang pagkain, halimbawa rito ang mga putaheng Bikol tulad ng bikol ekspres at pinangat. Nakilala hindi lamang sa anghang, kundi dahil na rin sa natatanging paraan ng paggagata sa rehiyong Bikol. Sang-ayon sa PSA (2016), na ang pagniniyog sa rehiyong Bikol ang may pinakamataas na prosiyento ng mga naaaning pananim kumpara sa ibang produkto ng Bikol tulad ng abaka, saging, kape, at iba pa. Kaugnay nito, hindi rin maitatangi na masasalamin sa iba't ibang kakanin ang kulturang Bikolnon pagdating sa mga pagkain na sinasangkapan ng gata, halimbawa na lamang sa baduya, binutong, kalingking, maja blanca, at iba pa na nagpapatunay na sagana ang Bikol sa kultura sa pagkain.

Sa vlog na "Mama Mo" at Mama Mo Part 2," umikot ang pagsasalaysay sa vlog ukol sa tugon ng isang ina kapag humihingi ng salapi ang kaniyang anak; tugon ng isang ina kapag magpapaalam na lumabas ang kaniyang anak; tugon ng isang ina kapag brownout o kung nawalan ng koryente hanggang sa bumalik ang suplay ng koryente; paninisi ng isang ina sa kaniyang anak, halimbawa kapag mayroong masamang pakiramdam ang kaniyang anak at iba pang kaugnay na hindi inaasahang pangyayari; pagbabalik-tanaw ng isang ina sa kaniyang mga danas upang magkumpara; paghahayag ng mga pagbihirang teknik ng isang ina, tulad ng pagbili ng mas malaking size ng tsinelas at damit bilang pagsaalang-alang na lalaki pa ang kaniyang mga anak; at payo sa anak kapag mayroong


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

dumating na naniningil ng utang, tulad ng pagbanggit na natutulog ang kaniyang ina. Bukod pa riyan, ang pagiging sentimental sa mga kasangkapan sa bahay nila na mayroong makabuluhang pangyayari sa buhay ng ina gaya ng kasal.

Binanggit din na ilalabas lamang ang mga kasangkapan kapag mayroong okasyon na nilalahukan ng kani-kanilang bisita; tugon ng isang ina para sa kaniyang anak ukol sa pagtitipid ng koryente. Halimbawa ang pagpasara o pagpatigil niya sa anumang kagamitang kinakailangan ng koryente upang umandar, na inaatas sa anak ang pagpahinto sa paggamit ng mga ito upang makatipid sa koryente lalo kung hindi naman ito kinakailangan; tugon ng isang ina sa kaniyang anak kapag hindi pa bumabangon o gumigising;  tugon ng isang ina matapos paluin ang kaniyang anak;  pahayag ng isang ina kapag mainit ang ulo dahil sa walang panggastos sa bahay o pera para sa pamilya; at  karaniwang mga ipinapayo o binabanggit ng isang ina. Halimbawa, hindi dapat ginagawang pambahay ang damit na pang-alis upang hindi palaging bumili ng mga bagong damit. Pati na rin ang araw-araw na pagbibigay ng paalala upang maligo ang kaniyang mga anak. Gayunman, sa pag-iwas ng pagsasayang ng pagkain lalo na maraming taong nagugutom.

Sa huli, hinikayat ng vlogger na si Boss Ka-Reppa (2021) ang mga netizen na mahalin ang sari-sariling mga ina dahil kung wala ang kani-kanilang mga ina wala rin sila (manonood). Bukod pa riyan, pinaalalahanan niya rin ang mga manonood na mahalin ang kani-kanilang mga ina habang nabubuhay pa. Binati rin niya ang lahat ng magulang sa vlog na ito.

Bilang pag-uugnay sa mga paksang nasuri sa vlog na "Mama Mo" at Mama Mo Part 2" ni Boss Ka-Reppa, ikinkintal sa vlog na ito ang ugnayan sa relasyon sa pagitan ng isang ina sa kaniyang mga anak. Nakatuon ito sa kontekstong pamilyang Pilipino, tulad ng karaniwang pakikipagkomunikasyon sa pang-araw-araw na buhay sa loob ng isang pamilya. Ang paksang pampamilya ay isang arketipo na sa panitikan, dahil sa pag-uugnay ng mga ito sa konseptong tradisyonal na gender role, na patuloy na umiiral sa lipunan, partikular sa hindi pantay na pagtingin ng lipunan sa indibidwal dahil sa nabuong gender role sa isang tahanan, halimbawa sa vlog na ito, ipapakita ang pagganap ng isang ina sa mga responsibilidad bilang ilaw ng tahanan, at inaasahang ang ina umano ang gagawa ng gawaing pantahanan, subalit taliwas sa ganitong idea ipinapakita sa vlog na ang mga gawing bahay ay hindi lamang para sa ina, bagkus kasama o katuwang ang iba pa nitong mga kasama sa tahanan tulad ng kaniyang mga anak na patuloy niyang pinapanday sa mga ganitong gawain.

Sa katunayan, sa nasuring paksa sa vlog ni Boss Ka-Reppa na ito, kakikitaan din ito ng kulturang Bikolnon, tulad ng  paniniwala at pamahiin sa isang tahanan na bahagi ng isang komunidad, hindi maikakailang mayroong mga ganitong katangian sa mga tahanan sa pamilyang Bikol. Halimbawa na lamang sa iba't ibang aspektong pangkulturang Bikolnon na inilalad sa nasuring vlog, gaya ng hilot, santigwar, pag-inibang, pagpapahalaga sa mga materyal na bagay tulad ng regalo mula sa kasal ng magulang, pagtulong sa gawaing bahay, at ang palasak na kasabihang "kung ahas 'yan, natuklaw ka na."

Kaugnay nito, ang hilot, santigwar, at pag-inibang ay isang katutubong paraan ng panggagamot, na kahit iba-iba ang pamamaraan sa pagsasagawa nito sa rehiyong Bikol, pinatutunayan lamang nito na malay ang Bikolano sa ang ganitong tradisyonal na panggagamot, at ang pagbibigay ng halaga sa regalo mula sa isang kasal ay nagpapakita ng pagpapahalaga ng isang Bikolano sa sariling kulturang nakagisnan.

Ang vlog na "Boy Lado Part 15: The English Man" naman ay ginamit ang isang karakter para gampanan ang pagkakaroon ng masamang pag-uugali tulad ng pagtatangi dahil sa wikang ginagamit ng indibidwal, pakikitungo nang hindi maganda batay sa hindi matuwid na palagay ukol sa lahi, kulay, edad, bernakular na wika (Bikol), at kasarian. Hindi maikakailang talamak din ito sa social media, tunay na sa buhay ng sambayanang Pilipino lalo ng mga nasa ibang bansa o abroad, nangyayari din ang ganitong kaisipang makitid.

Bilang pag-uugnay sa mga naging paksa sa vlog ni Boss Ka-Reppa na "Boy Lado Part 15: The English Man," inilalahad sa paksa ng vlog ang pagtalakay sa paggamit ng wikang banyaga at wikang bernakular. Sa vlog na ito, hinihikayat ng banyaga na magsalita ng English ang isang Bikolano sa teritoryo nito upang magkaintindihan sila. Bukod pa riyan, ipinapakita rin sa vlog ang pangtatangka ng isang Bikolano na gumamit ng English, ngunit dahil sa hindi ito ang taal na wika niya, kapansin-pansin na nagkaroon siya ng kahirapan sa paggamit sa English. Ang pagpapakita ng mga pangyayari sa panitikan ukol sa pagpapahalaga sa sariling wika at paggamit ng wikang banyaga ay isa nang arketipo sa panitikan.  Lantad na sa larang ng panitikang ang ganitong usapin lalo sa mga tekstong Pilipino na nais mamulat ang mga mag-aaral sa paggamit ng sariling wika.

Samaktwid, nagtatanghal ng kulturang Bikolnon ang nasuring vlog ukol sa wika at panitikan. Bilang pagkokonteksto, malayang nagkakapalitan ng idea ang dalawang karakter sa nasuring vlog, subalit mayroong language barrier ang kapuwa nag-uusap na karakter dahil sa magkaiba ang taal na wika nila. Ang ganitong pangyayari ay hindi na bago lalo na sa rehiyong Bikol na mayroong mga varayti ng wika. Sang-ayon sa KWF:


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

Repositoryo ng mga Wika at Kultura (2023), na nakapagtala ng mayroong tatlong varayti ng wikang Bikol, ang Bikol Catanduanes, Bikol Miraya, at Bikol Sorsogon. Kaugnay nito, kabuhol na ng wika ang kultura, kaya ang pagkakaron ng iba't iba wika ay indikasyon na lumalago rin ang kulturang Bikolnon dahil sa patuloy na paggamit nito sa pakikipagtalastasan.

At sa "Relief Part 2" na vlog, tinatampok dito ang pangyayari hinggil sa pamimigay ng ayuda ng pamahalaan sa kani-kanilang nasasakupan. Malinaw na ipinapakita na nauugnay ang paksa sa panahon ng Pandemyang COVID-19. Ipinakita rin ang mekanismo ng isang opisyal sa pagpili ng mabibigyan ng relief goods sa Burabod Street. Hindi pinagkalooban ng ayuda ang sumusunod: residente na ang bahay ay na mayroong terasa—espasyong sinemento o nilatagan ng bato sa labas ng bahay, dahil sa paniniwala ng isang opisyal na mayroon naman itong kakahayang makabili ng makakain; residente na mayroong mamahaling aso tulad ng husky at doorbell—kuliling o *buzzer* sa labas ng bahay na pinapatunong ng sinuman upang ipahiwatig ang kaniyang pagdating; residente na mayroong magandang asawa.

Naniniwala ang namimigay ng ayuda na kapag mayroong magandang asawa nangangahulugan lamang ito na mapera ang indibidwal kaya hindi na dapat bigyan; residente na mayroong NMAX na motor dahil sa paniniwalang mapera ang may-ari; maganda ang gate kaya hindi na kailangan ng ayuda; dating kasintahan ng namimigay ng ayuda; hindi gusto ang itsura ng may-ari ng bahay; barkada ng naninigay ng ayuda—binigyan ng isang kilong bigas; nagnakaw ng lapis ng nagbibigay ng ayuda noong siya ay nasa grado 2; at mga mayroong kaya o nasa middle class ang istatus ng buhay.

Samantala, binigyan ng kaukulang ayuda ang sumusunod na residente: hindi maayos na tirahan o bahay; barkada ng naninigay ng ayuda ang may-ari ng bahay—binigyan ng isang kilong bigas at isang kahon ng de-lata; abandonado ang bahay—binigyan ng limang kilong bigas at de-lata; at hindi nakasama sa listahan mula sa kinauukulan dahil sa pagparating nito ng kaniyang reklamo sa namimigay ng ayuda. Ipinapakita sa vlog na ito, partikular na sa pag-uugali ng karakter sa vlog bilang kawani sa pamahalaan. Lantad ang pagkakaroon ng pagpabor at hindi pantay na pagtingin sa bawat indibidwal. Sa vlog na ito, ipinapakita rin ang maling pag-uugali ng tao tulad ng pagkakaroon ng mabilisang panghuhusga sa tao batay sa kanilang mga nakikita tulad sa mga tagpo sa vlog na ibinabatay sa panlabas na anyo ng estruktura ng bahay ang pagtingin para maging kalipikado sa tatanggap ng ayuda.

Itinatampok din ang iba't ibang estado ng bawat pamilyang Pilipino sa vlog na ito ni Boss Ka-Reppa. Itinatampok ang eksenang pagkukumpara sa pamilyang hikahos sa buhay at pamilyang itinuturing na may-kaya, o di kaya'y nakaaangat umano ang estado ng buhay kumpara sa mga pamilyang nasa laylayan. Makikita rito ang malayong agwat umano ng pamilyang nasa laylayan at pamilyang may napagkukunan ng hanapbuhay. Ladtad din dito ang pagkukumpara sa ari-arian ng di umanao mayaman at mahirap na pamilya. Sa madaling salita, ang pagkukumpara sa ganitong aspekto ng estado ng lipunan ay isang arketipo sa anyo ng panitikan na makikkita rin natin sa iba't ibang vlog sa social, gayundin sa iba't ibang anyo ng panitikan tulad ng tula, dula, sanaysay, maikling kuwento, at iba pa na ang layon ay makapagbigay ng aral sa bawat mambabasa.

Bilang pag-uugnay sa vlog ni Boss Ka-Reppa na "Relief Part 2," tinatalakay rito ang masasalaming buhay ng pamilyang Pilipino sa panahon ng pandemya na lubos na nagpabagsak sa ekonomiya ng bansa, gayundin sa iba pang bansa. Itinatampok sa vlog na ito ang ayuda bilang tugon ng pamahalaan sa pangunahing pangangailangan ng mamamayang Pilipino. Samakatwid, sa nasuring paksa ni Boss Ka-Reppa, kakikitaan ito ng kulturang Bikolnon, tulad ng konseptong bayanihan bilang kulturang Pilipino. Sa katunayan, ang aksiyon ng pamahalaan kabilang na ang pagbibigay ng serbisyo medikal, at paghahatid ng ayuda sa bawat pamilyang Pilipino ay naisabatas, at inangkla sa konsepto ng kulturang bayahihan—Ang Bayahihan to Heal as One Act of 2022 o Batas Republika Blg. 11469 at ang Bayanihan to Recover as One Act o Proklamasyon Blg. 922 s. 2020.

Kaugnay nito, isang indikasyon na hindi nawawala ang kulturang bayahihan sa mga rehiyon ng bansa, tulad ng rehiyong Bikol. Nangyayari ang bayanihan sa paraang nagkakaisa ang mga tao upang magtulungan at magdamayan nang walang hinhintay o inaasahang kapalit, at nagsisilbi itong tanda ng kulturang Bikolnon.

Bilang implikasyon, ang mga paksang pampanitikan na nasuri sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa ay nakitaan ng mga paksa, na mahalagang magamit sa panunuring pampanitikan at pagtuturo ng panitikang panrehiyon. Batay sa pagsusuri sa mga paksang pampanitikang hitik sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa, natuklasang buhay at tumalago ang panitikang Bikol sa paraang makabago tulad ng vlogging, at ang bagong uri ng panitikan sa makateknolohiyang mundo ay pagbibigay ng bagong bihis upang itanghal ang kariktan ng ating sariling wika at panitikang panrehiyon sa bansa tungo sa pagsasabansa nito, at naglalahad din ang mga nasuring vlog ng kulturang Bikolnon na nagpapakilala sa rehiyon.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

Samantala, kasabay ng patuloy na pagpapalago ng iba't ibang anyo ng panitikan tulad ng mga vlog ayon sa pag-aaral nina Balunsay at Tindugan (2022) ang pagkakaroon ng malaking hamon na maging patuluyan ang pag-aaral sa mga panitikang panrehiyon ng Bikol. Sang-ayon din ito sa pahayag ni Mendillo (2022) at Abdurahman (2022) na mahalagang mapreserba ang anumang anyo ng panitikan sa Pilipinas, at sa naging panayam ni Evasco (2022) kaugnay sa muling pagtuklas ng karunungang-bayan at muling pagsulat ng mga panitikan sa Pilipinas na dapat isatitik at patuloy na saliksikin ang panitikan.

Gayunman, lantad sa social media partikular sa YouTube, Facebook, at TikTok ang mga paksa sa vlog ni Boss Ka-Reppa na nilalahukan ng mga netizen sa pamamagitan ng pagbibigay ng reaksiyon at komento. Malaya ring naibabahagi ng mga netizen ang vlog ng nasabing bantog na vlogger.

Kaugnay nito, sa patuloy na pagpapaunlad ng panitikang panrehiyon, isang malaking hamon ang paghikayat sa mga manonood o mambabasa na tangkilikin ang anumang akda bilang espasyo ng paglilibang, pag-aliw sa sarili o maging paraan upang makakuha ng mga aral na magsisilbing gabay sa pang-araw-araw na pakikipagsaparalan sa lipunan

Samakatwid, implikasyon ng isinagawang pagsusuri sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa ang magbibigay ng mga batayang paksang pampanitikan, na nagtatanghal ng karunungan sa pagtuklas at pagpapalalim ng kaisipang Pilipino, lalo na sa pagmulat ng kabatiran sa mga isyung panlipunan, gayundin sa pagpapaunlad ng wika at literaturang Bikol at Filipino sa pamamagitan ng pagsagawa ng mga saliksik, pagpapahalagang panliteratura, pangangalap, at pagpapanatili ng iba pang kaugnay na gawaing pangwika, pangkultura, at panliteratura tungo sa pagtuturo ng Filipino bilang daan sa pagmulat sa mga mag-aaral sa samot-saring paksang pang-akademiko, paghasa ng iba't ibang kasanayan; paglapat ng panitikang panrehiyon sa Bikol sa pagpapahalagang pantao upang higit itong mapahalagan at makapagbigay ng karunungan sa mga mag-aaral.

Gayunman, ang paksang nasuri sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa ay ikinikintal ang iba't ibang imahen, karakter, banghay, estilo at atmospera na masusuri sa paksang hanapbuhay, pag-uugali, pamilya, edukasyon, pandemyang COVID-19, politika, at kasarian bilang isang arketipong tema o paksa sa pagtatanghal sa vlog na isang pasalintronikong anyo ng panitikan. Mahalaga ang pagsusuri sa iba't ibang anyo ng panitikan lalo na sa mga vlog sa panitikang panrehiyon ng Bikol, dahil nakapagbibigay ng karunungan ang pagsusuri bilang isang paraan ng pagdodokumento na rin ng panitikang lokal na naglalarawan din sa kulturang Bikolnon para sa pagkakakilanlan.

**Mga Kulturang Bikolnon na Inilahad Batay sa Analisis sa mga Vlog ni Boss Ka-Reppa**

Makikita sa talahanayan 2 ang mga kulturang Bikolnon na inilalahad batay sa analisis sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa. Nakapagtala ng sampung kulturang Bikolnon na inilahad batay sa analisis sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa. Ayon sa Komisyon sa Wikang Filipino (2023), tumutukoy ang kultura sa kabuoang pamumuhay, tradisyon, wika, relihiyon, kaugalian, at panitikan ng isang lahi o bansa. Nakapagbibigay ito ng kaakuhan o natatanging aspektong pangkalinangan, na nangibabaw na pagsusuri sa kulturang Bikolnon.

Natuklasang naglalahad ng kulturang Bikolnon ang mga vlog na: "Impyernow," "Mga Kumpaniya sa Pinas Be Like," Job Interview Be Like: Yung Ayaw Sayo Nung Nag Iinterview: Interview Part 3," "Interview Part 3 Opssss," "Wanpipti," Bisyo sa Panahon ng Lockdown," "Mama Mo," "Mamo Mo Part 2," "Boy Lado Part 15: The English Man," at "Relief Part 2."

Batay sa analisis ng mga vlog, natuklasan na karamihan sa vlog na nasuri ay naglalahad ng kulturang Bikolnon na nagpapahiwatig ng pakikitungo/pakikipagkapuwa. Ipinaliwanag ni Virgilio G. Enriquez (w.p)—tagapagtatag ng Sikolohiyang Pipino ang konsepto ng "kapwa": "ang kapwa ay isang pagkilala sa isang ibinabahaging pagkakakilanlan, isang panloob na sarili, ibinabahagi kasama ang iba." Samantala, batay sa KWF Diksiyonaryo (2023), ang pakikitungo o pakikipakapuwa ay isang kalinangang Bikolano, na nagpapakita ng natatanging pagpapahalagang pantao ng Bikolano, na tinataglay ang pagkakaroon ng malasakit at kahusayan, at/o ang inaasahang mabuting pakikitungo o pakikipag-ugnayan sa sinuman, gayundin isa itong paraan ng pagkilos, at pakikipagkomunikasyon ng isang tao.

Naitala naman ang iba pang kulturang Bikolnon batay sa pagsusuri sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa, tulad ng paniniwala at pamahiin, pagkain, hanapbuhay, kasuotan, relihiyon, pista, sining, koneksiyon sa kapaligiran, wika, at literatura. Tinukoy at binigyan ng kaukulang analisis ang mga kulturang Bikolnon batay sa analisis sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa.

Nangunguna sa ranggo ang pakikitungo o pakikipagkapuwa na makikita na inilalahad ito sa sampung vlog na nasuri. Lumalabas sa pag-aaral na ang pakikitungo o pakikipagkapuwa ng mga Bikolano ay naglalahad ng kulturang Bikolnon. Ayon kay del Castillo (2023), huwarang Pilipino ang pakikipagkapuwa-tao at ang pagkakaroon ng positibong pakikitungo sa kapuwa ay nagtataguyod ng positibong relasyon sa pagitan ng relihiyon at pagkakaisa sa


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

lipunan. Nagsisilbi rin umano itong pagpapatibay sa pangangalaga at mga relihiyosong institusyon at mga indibidwal ang ganitong kultura.

Sang-ayon sa nasuring vlog na "Impyernow," sumasalalim ito sa relihiyon o pananampalataya ng mga Bikolano bilang bahagi na ng kulturang Bikolnon, partikular ang tradisyonal na ipinagdiriwang na Pista ng Nuestra Señora de Peñafrancia, na isa sa pinakamahalagang relihiyosong kaganapan sa rehiyong Bikol, kung saan tuwing Setyembre ang panahon ng matinding relihiyoso at sibikong pagdiriwang nito, at tinatawag na "Inâ" ang mahal na patron ng mga lokal na deboto.

Ang mga kulturang inilalahad tulad ng pakikitungo o pakikipagkapuwa-tao ay mayroong malalim din na ugnayan sa kulturang inilalahad batay sa analisis ng paksa tulad ng koneksiyon sa kapaligiran, sapagkat hindi lingid sa ating kaalaman, ang mga relihiyosong gawain sa Bikol tulad ng Pista ng Nuestra Señora de Peñafrancia ay isinasakatuparan sa malawak na ilog ng Camarines Sur, isang indikasyon na mayroong koneksiyon sa kapaligiran ang pakikitungo o pakikipangkapuwa-tao ng mga Bikolano para maisagawa ang ganitong malaking selebrasyon sa kanilang lalawigan, gayundin dinarayo rin ito hindi lamang ng mga nakatira sa Camarines Sur, kundi mula sa iba pang karating nitong lalawigan sa rehiyong Bikol.

Ayon kay Bishop Gainza noong 1867 na ang *traslación por el rio* o fluvial procession (Pamahalaang Panlungsod ng Naga, 2023) ay naging tradisyong masasalalim sa kulturang Bikolnon. Isinasabuhay rito ang pagbabalik kay Inâ sa kaniyang santuwaryo pagkatapos ng Novenario sa Katedral, ang maikling paglalarawan na ibinigay niya sa fluvial procession sa taong iyon, na ang prusisyon ay lalabas mula Katedral hanggang Tabuco, pagkatapos sa pagoda para sa fluvial procession sa tabi ng Ilog Naga, pagkatapos ay ang foot procession na halos pareho sa kung ano ang ginagawa sa mga nagdaang pagsasagawa nito, maliban na sa halip na tapusin ang prusisyon sa Old Shrine, mula noong 1982, ang prusisyon ay nagtatapos sa Basilica.

Malinaw na ang pagsasakatuparan ng mga rehiliyosong gawain tulad ng debosyon kay Inâ ng mga Bikolano ay nagpapakita ng ugnayan sa pakikipagkapuwa, relihiyon, at koneksiyon sa kapaligiran, na kapuwa sumasalalim sa aspektong kultural,  partikular sa lalawigan kung saan ito taunang isinagawa, ang Camarines Sur.

Talahanayan 2
Mga Kulturang Bikolnon na Inilahad sa Analisis ng Vlog ni Boss Ka-Reppa

| KULTURANG BIKOLNON | PAMAGAT NG VLOG NI BOSS KA-REPPA | | | | | | | | | | KABUOAN | RANGGO |
|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|---|
| | Impyernow | Mga Kumpaniya sa Pinas Be Like | Job Interview Be Like: Yung Ayaw Sayo Nung Nag Iinterview: Interview Part 3 | Interview Part 3 Opssss | Wanpipti | Bisyo sa Panahon ng Lockdown | Mama Mo | Mama Mo Part 2 | Boy Lado Part 15: The English Man | Relief Part 2 | | |
| Pakikitungo/ Pakikipagkapuwa | / | / | / | / | / | / | / | / | / | / | 10 | 1 |
| Paniniwala at Pamahiin | | | | | | | / | / | / | / | 4 | 2.5 |
| Pagkain | | | | | | / | / | / | | / | 4 | 2.5 |
| Hanapbuhay | | / | / | / | | | | | | | 3 | 4 |
| Kasuotan | | | | | | | / | / | | | 2 | 7 |
| Relihiyon | / | | | / | | | | | | | 2 | 7 |
| Pista | | | | | | | / | / | | | 2 | 7 |
| Sining | | | | | | | / | / | | | 2 | 7 |
| Koneksiyon sa Kapaligiran | / | | | | | | | | | / | 2 | 7 |
| Wika at Literatura | | | | | | | | | / | | 1 | 10 |


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

Ayon sa PSA (2023), matatagpuan ang Camarines Sur sa timog-silangang bahagi ng Luzon, na napapaligiran ng sa hilaga ng Karagatang Pasipiko, sa silangan ng Maqueda Channel, sa timog ng Lalawigan ng Albay, sa kanluran ng Ragay Gulf, at sa hilagang-kanluran ng mga lalawigan ng Camarines Norte at Quezon. Matatagpuan din dito ang pinamaliit na isda sa mundo na kung tawagin ay "sinarapan."

Bilang implikasyon, ang mga kulturang Bikolnon na inilalahad sa nasuring vlog tulad ng pakikitungo o pakikipagkapuwa, relihiyon, at koneksiyon sa kapaligiran ay konektado sa heograpiya ng Bikol tulad ng prusisyon sa tubig na taglay ang pagkakaroon ng makukulay na pagoda na inihanda ng mga Bikolano.

Gayunman, ang pagbubukas-palad ng maraming Bikolano sa mga relihiyosong gawian tulad ng mga inilalahad sa nasuring vlog ay nagpapahiwatig na ang kawanggawa at pakikiisa sa mga gawaing sibiko o relihiyon ay positibong pakikipagkapuwa lalo na sa kontemporaneong panitikan at kultura ng Bikol, na nagbibigay ng makabuluhang impluwensiya sa kung paano nakikipag-ugnayan ang mga Bikolano sa iba, sa kapaligiran, at sa lipunan sa pangkalahatan.

Makikita rin sa talahanayan 2 na pumapangalawa sa ranggo ng kulturang Bikolnon ang paniniwala at pamahiin. Ang mga kulturang Bikolnon sa paniniwala at pamahiin ay inilalahad sa mga nasuring vlog na "Mama Mo," Mama Mo Part 2," Boy Lado Part 15: The English Man," at "Relief Part 2." Kakikitaan ang mga nasuring vlog ng kulturang Bikolnon, tulad ng paniniwala at pamahiin sa isang tahanan na bahagi ng isang komunidad, hindi maikakailang mayroong mga aspektong kultural ang rehiyong Bikol ukol dito. Halimbawa na lamang iba't ibang kulturang Bikolnon na inilalad sa nasuring vlog, gaya ng sumusunod:

Hilot. Sa vlog na nasuri, direktang binanggit na isang paraan ng panggagamot sa karamdaman ang hilot. Isang indikasyong ang ganitong gawain ay patuloy pinaniniwalaan pa rin sa rehiyong Bikol bilang tradisyonal na panggagamot. Ayon sa Philippine Institute of Tradtional and Alternative Health Care (2023), isang sining at agham ng mga sinaunang tradisyon ng pagpapagaling ng mga Pilipino, na nakabatay sa konsepto ng balanse sa mga pisikal na elemento kasama ang mental, emosyonal, at espirituwal na aspekto ng isang tao. Kasama sa pagsasanay na ito ang paggamit ng mga pagmamasahe, na diumano nakatutulong sa pag-iwas sa sakit at panunumbalik, at pagpapanatili ng kalusugan at kagalingan ng isang tao. Gumagamit din umano ng halamanang-gamot at bulong o orasyon, ito man ay sa paraang pabulong o nakasulat na panalangin.

Sa katunayan, sa bisa ng Batas Republika Blg. 8423 bahagi ang hilot bilang isang paraan ng panggagamot sa Pilipinas, samantala kinilala naman ng Pangasiwaan sa Edukasyong Teknikal at Pagpapaunlad ng Kasanayan (Technical Education and Skills Development Authority—TESDA) ang Hilot (Wellness Massage) bilang bahagi ng TESDA course. Ayon sa paliwanag naman ng KWF (2023), ang hilot ay paghagod o paghaplos sa mga bahagi ng katawan upang pasiglahin ang sirkulasyon at maging malambot ang kalamnan at kasukasuan at tumutukoy rin umano ito sa pagsasaayos ng taong may pilay—nagnganaghulugang may mali sa buto o kasukasuan.

Samakatwid, ang hilot ay isang kulturang Bikolnon na patuloy na ginagawa sa rehiyong Bikol batay na rin sa mga binubuksang vocational short course ng TESDA na nakatuon dito, gayunman ang ganitong uri ng paraan ng panggagamot sa rehiyong Bikol ay patuloy na pinaniniwalaan, na nagtataglay ng maraming paniniwala at pamahiin na matatag na itinatag bilang bahagi na ng kulturang Bikolnon. Masasalamin dito na mula pagkabata, ang mga Bikolano ay bahagi na ng kanilang paniniwala sa pamamagitan ng karaniwang gawi at pagpasa sa kanila ng ganitong kultura—ang pagkonsulta o pagbisita sa manghihilot kapag nilalagnat o dumaranas ng pananakit ng katawan. Sa kabila ng modernong medisina, marami pa rin ang nagpapatuloy sa tradisyonal na panggagamot tulad ng hilot bilang isang paraan ng pagpapagaling dahil na rin sa kultural na paniniwala sa likod nito. Gayunman, masasabi ring murang alternatibo sa pagpapagaling ang hilot sa rehiyong Bikol. Sang-ayon sa Makati Medical Center (2021) na nagpaliwanag na ang hilot ay paraan ng panggagamot at isang paniniwala ng karamihan na makatutulong ang hilot para matugunan ang imbalances sa loob ng katawan.

Santigwar. Sa vlog na nasuri, inilahad ang santigwar bilang paraan para maibsan ang karamdaman ng isang indibidwal na pinaniniwalaang namatanda. Isang indikasyon ang ganitong paniniwala ay patuloy na pinaniniwalaan sa rehiyong Bikol. Ayon sa The Philippine Star (2023), ang santigwar ay isang katutubong ritwal ng pagpapagaling na karaniwang ginagawa sa mga rural na lugar. Ginagawa umano ito tuwing ang tao ay nagkakasakit dahil sa pagsumpa ng mga supernatural na nilalang. Nangangahulugan din ng isang tiyak na antas ng pagkamalikhain at tunay na pagpapahalaga sa kultura ng isang tao, kasama ang mga nuances nito upang mabaliktad ng ubod ng lumang tradisyon na ito.

Ayon kay Banzuela (2010) sa "Pagsantigwar sa Banwaaan" ni Loquias ang santigwar sa Bikol ay isang kultural na artifact ng kumbersiyon at pagsalungat, dahil ang mga krusipiho, mga sagisag ng Trinidad, Birheng Maria, at mga santo, mga orasyon sa mga polyeto, mahahalagang langis, mga ugat ng halamang-gamot na nakapasaloob



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR
P - ISSN 2984-7567
E - ISSN 2945-3577
The Exigency
P - ISSN 2984-7842
E - ISSN 1908-3181

sa isang bote, kandila, at mala-porselana na plato ay karaniwang salamin sa mata sa "klinika" ng parasantigwar (manggagamot). Gayundin, sa pagganap ng santigwar, ang tanda ng krus, ang ingkantasyon na may tunog na orasyong Latin, at komunikasyong mga galaw ng tagapamagitan na kahawig sa pribilehiyo ng pari sa pagitan ng banal at ng tao. Samakatwid, sinasabi ni Loquias, na ang ganitong mga materyales o kasanayan ay nagpapahiwatig ng kolonyal na kasaysayan ng rehiyong Bikol.

Samakatwid, maituturing na isang kultural na sagisag ang santigwar sa rehiyong Bikol, dahil bukod sa isa itong sinaunang paraan ng panggagamot, patuloy itong pinaniniwalaan hanggang sa kasalukuyan sa rehiyon at mayroon itong aspektong kultural na masasalamin sa paniniwala at pamahiin sa rehiyong Bikol.

Madalas na kumukunsulta ang mga nanuno—sa mitolohiya partikular sa kuwentong-bayan, isa itong matandang nahihirahan sa punso (KWF, 2023). Ang mga halimbawa ng nunò sa Bikol ay engkanto, duwende, at mga kaluluwang ligaw na pinaniniwalaang hindi maayos na nakatawid sa lagusan patungong langit dahil sa biglaang pagkamatay o hindi pagkamit ng hustiya. Isang paniniwala rin sa rehiyong Bikol na ang pagsasalita o pagbulong ng "tabi-tabi po" ay isang paraan ng pagkakaligtas para hindi manuno. Katulad ng mga binanggit ni Loquias na materyales sa pagsasagawa ng santigwar, matutukoy umano ng isang parasantigwar kung ano o sino ang nagbigay ng sumpa o sakit sa isang maysakit sa pamamagitan ng mga bagay na ginagamit dito, dahil lalabas umano sa alinman sa mga ito ang itsura ng nuno, (Banzeula, 2010).

Inibang. Sa vlog na nasuri, nabanggit din ang paniniwala ukol sa  pag-inibang bilang isang bahagi ng kulturang Bikolnon sa paraan ng panggagamot sa taong mayroong masamang pakiramdam dahil sa pinaniniwalaang nausog ang isang tao ng kapuwa nito tao. Paliwanag ng KWF (2023), ang usog (sibang sa Bikol) ay isang kalagayang sumasakit ang tiyan na pininiwalaang dala ng isang taong bumati sa kapuwa, lalo sa sanggol.

Pinaniniwalaang mawawala umano ang pananakit ng tiyan o sakit ng ulo ng isang taong nausog o nasibang sa pamamagitan lamang ng pagpahid ng laway sa tiyan o ulo ng sinumang sumasakit ang tiyan o ulo. Isang indikasyon na hanggang sa kasalukuyan, ang ganitong paniniwala ay bahagi pa rin ng kulturang Bikolnon, na kakikitaan ng makulay na kultura sa rehiyon bilang bahagi ng sinaunang paniniwala na napasa sa kontemporaneong panahon. Samantala, isinalaysay ni Nuñes (2014), na maaari din umanong gumamit ng buyo—halamang baging (*Piper betle*) sa pagsasagawa ng pag-inibang dahil hindi umano pare-pareho ang paraan ng pa-inibang. Aniya, kailangan ang buyo para ipahawak sa nasibang at kapag lumabas na ang katas nito, maaari na itong ipahid sa parte ng katawan na sumasakit, at dapat din umanong isabay ang nadurog na dahon ng buyo upang gumaling ang sinumang nausog.

Dahil dito, natuklasang na ang hilot, santigwar, pag-inibang ay isang paraan na tinatawag na "arbularyo" na tumutukoy sa sinaunang kaalaman sa panggagamot  sa rehiyong Bikol. Pinatutunayan lamang nito na malay ang Bikolano sa ganitong tradisyonal na panggagamot at kakakitaan ito ng pagpapahalaga sa sariling kulturang nakagisnan ng mga Bikolano.

Makikita sa talahanayan 2 na pumangalawa ang pagkain bilang kulturang Bikolnon na inilahad sa nasuring vlog, dahil sa pagsasalaysay na itinatampok sa vlog ukol sa kahalagahan ng pagkain. Bahagi ng  kulturang Bikolnon ang pagkain, nagsisilbi itong sagisag sa makulay na kultura at tradisyon ng Bikol, halimbawa rito ang mga pangunahing putaheng Bikol na sinasangkapan ng gata, tulad sumusunod: (1) bikol ekspres—karaniwang sinasangkapan ng pinagsama-samang sangkap tulad ng karne ng baboy, sibuyas, maraming sili, at gata ng niyog; (2) pinangat—sinasangkapan ng dahon ng gabi, gata, at iba pang pampalasa tulad ng karne ng baboy o isda. Natatangi ito sa laing dahil sa nauunot nitong linamnam, dahil sa matagal na pinasingaw sa gata hanggang sa magmantika ito.  Sa katunayan, pangunahing produkto ito sa Camalig, Albay na mas lalo pang naipapakita ang ugnayang kultural sa produktong ito sa pamamagitan ng taunang pagdiriwang ng Pinangat Festival.

Dahil dito, nakilala hindi lamang sa anghang, kundi dahil na rin sa natatanging paraan ng paggagata ang rehiyong Bikol. Sang-ayon sa PSA (2016), na ang pagniniyog sa rehiyong Bikol ang may pinakamataas na prosiyento ng mga naaaning pananim kumpara sa ibang produkto ng Bikol tulad ng abaka, saging, kape, at iba pa.

Maliban sa mga nabanggit na putaheng Bikol, dahil sa sagana ang rehiyon sa produksiyon ng niyog iba't ibang kakanin na bahagi na ng  kulturang Bikolnon ang karaniwan ding sinasangkapan ng gata tulad ng:  binutong, kalingking, maja blanca, bibingka, ibus, suman, biko, pakru, latik, nilupak, at iba pa na  nagpapatunay na sagana ang Bikol sa kultura ng pagkain, isang indikasyon na nagpapakita ng natatanging kultura ang Bikol pagdating sa kultural na aspekto ng pagkain sa rehiyon.

Samakatwid, ang pagkain sa rehiyong Bikol ay integral na sa kulturang Bikolnon at hindi maihihiwalay sa mga kulturang Bikolnon na inilalahad sa nasuring vlog tulad ng gawaing panrelihiyon, sibiko, pista, at iba pang katulad. At ang mga pagkain sa rehiyong Bikol ay nagsisilbi ring pagkakakilanlan ng Bikolano dahil sa natatangi nitong paraan ng pagluluto o paghahanda ng mga ito sa mga gawaing pantahanan man o pangkomunidad.

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

Makikita sa talahanayan 2 na nasa ikaapat na ranggo ang hanapbuhay bilang kulturang Bikolnon. Isang indikasyon na ang mga paksang nasuri sa vlog ni Boss Ka-Reppa na nakatuon sa pagtatanghal ng hanapbuhay ay kakikitaan ng kulturang Bikolnon ukol sa hanapbuhay ng mga Bikolano. Sa nasuring vlog, pinapakita ang maraming kalipikasyon upang matanggap sa isang kumpaniya. Sa katunayan, isang fiksiyon lamang ang vlog ni Boss Ka-Reppa, ngunit nagpapakita ito ng maraming usapin na hindi na lalayo sa realidad na kinakaharap ng mga Bikolano sa larang ng pagtatrabaho.

Taliwas sa nasuring paksa na nakatuon lamang sa kontemporaneong hanapbuhay sa konteksto ng pagtatrabaho sa isang kumpaniya, bagaman bahagi rin naman ito ng kulturang Bikolnon nakilala naman sa sinaunang hanapbuhay ang Bikolano sa mga likhang-kamay sa abaka, pangingisda, pagsasaka, pagtatanim, at iba pa. Ayon sa KWF (2023), ang hanapbuhay ay tumutukoy sa anumang gawaing pinagkakakitahan o nagsisilbing ikinabubuhay, sa madaling salita isa itong paraan ng pamumuhay.

Sang-ayon kay Almario (2013), partikular sa kaniyang inakdang *Sagisag Kultura ng Filipinas*, tinatampok ang mga sagisag pangkultura sa Pilipinas, at bahagi rito ang kulturang Bikolnon pagdating sa paghahapbuhay ukol sa abaka—napagkukunan ng himaymay, kawangis ito ng dahon ng saging, na nakapagbibigay ng kapakinabangang pang-ekonomiya sa rehiyong Bikol at sa bansa, dahil na rin sa potensinyal dito sa paggawa ng lubid, basket, at papel de manila. Samatwid, ang mga likhang-kamay tulad ng produksiyon sa abaka sa Bikol ay sumasalalim sa kulturung panghanapbuhay sa rehiyong Bikol, na nakapagbibigay ng pagkakakilanlan ng Bikol.

Samantala, ang mga hanapbuhay kaugnay sa pagtatanim sa rehiyong Bikol ay naitala ng PSA (2020), ito ang sumusunod: abaka, saging, kakaw, kalamansi, niyog, kape, lanzones, sampalok, mangga, papaya, pili, pinya, at rambutan.

Sa kasalukuyan, ayon sa PSA bumaba ang Labour Force Participation Rate (LFPR) sa rehiyon sa 59.1% noong Oktubre 2020 mula sa 61.6% noong Oktubre 2019. Bahagyang bumaba ang employment rate noong Oktubre 2020 sa 91.8% mula sa 95.2% noong Oktubre 2019. Bumaba rin ang underemployment rate sa rehiyon sa 17.9% noong Oktubre 2020 mula sa 26.1% noong Oktubre 2019. Nangangahulugan lamang ito na marami na ring Bikolano ang nagkaroon ng iba pang kabuhayan taliwas sa sinaunang kabuhayan na nakagisnan na sa rehiyong Bikol, subalit masasalamin pa rin ang sinaunang kabuhayan sa iba't ibang aspekto tulad ng mga nasuring kulturang Bikol sa pakikitungo o pakikipagkapuwa, paniniwala at pamahiin, pagkain, at iba pa na integral sa pagkatao ng isang Bikolano.

Makikita sa talahanayan 2 na kapuwa nasa ikapitong ranggo ang kulturang Bikolnon na kasuotan, relihiyon, mga pista, sining, at koneksiyon sa kapaligiran. Ang mga naturang kulturang Bikolnon na nasa ikapitong ranggo ay inilalahad sa mga nasuring paksa. Inilahad ang mga ito sa mga vlog bilang isang indikasyon na patuloy na naisasagawa ang ganitong mga kultura sa rehiyong Bikol.

Inilalahad sa nasuring vlog ang kulturang Bikolnon ukol sa relihiyon. Sa katunayan, masasalalim sa iba't ibang pagdiriwang ng festival sa rehiyong Bikol ang kanilang pananamapalataya. Halimbawa rito ang pangunahing festival sa rehiyong Bikol tulad ng sumusunod:

Tinagba Festival. Isinasagawa tuwing buwan ng Pebrero sa Lungsod Iraga bilang pasasalamat sa masaganang ani, kasama sa selebrasyong ito ang nakagawiang parada, street dance, at panahon ng pasasalamat sa kapistahan ni Nuestra Señora de Lourdes.

Ayon sa Pamahalaang Panlungsod ng Iriga (2023), ang pagdiriwanng ng Tinagba Festival ay pagpapahalaga sa isang sinaunang ritwal ng mga katutubong Bikolano, na nagbibigay ng pag-aalay sa kanilang Diyos dahil sa kasaganaan ng ani. Bahagi rin dito ang parada ng magagarang karosang hila-hila ng kalabaw, at ang mga nagagandahang kasuotan ng babae at lalaki na kalahok sa selebrasyon. Ang pagsasagawa ng ganitong mga gawain ay nagpapakita ng mayamang sining, relihiyon, at mayroong indikasyong malalim ang ugnayan ng rehiyong Bikol sa koneksiyon sa kapaligiran na kakikitaan ng iba't ibang pagpapahalagang pangkultura ng rehiyong Bikol.

Ibalong Festival. Isa itong taunang selebrasyon na isinagawa sa buwan ng Agosto sa Lungsod Legazpi. Ayon sa Tourism Promotion Board Philippines (2023), isa itong pagdiriwang na naglalarawan sa masiglang rehiyon ng Bikol, na naglalarawan sa mga tauhan sa epikong *Ibalong*, kung saan pinamumunuan ng mga mandirigma na sina Baltog, Bantong, at Hadiong.

Ipinapakita rin ito ang kultural na ugnayan ng tatlong anyong-lupa na kilala sa rehiyon, ang Bundok Masaraga, Bundok Malinao, at Bulkang Mayon. Isang indikasyon na ang selebrasyong ito ay nauugnay sa inilalahad na kulturang Bikolnon na koneksiyon sa kapaligiran sa nasuring vlog.

Peñafrancia Festival. Taunang pagsasagawa ng relihiyosong gawain na nakakentro sa panata o debosyon ng mga deboto ng Nuestra Señora de Peñafrancia na na tinatawag ring bilang Inâ. Ayon sa Hicaps (2022), ang pagdiriwang ng Peñafrancia Festival sa rehiyong Bikol ay pagpapakita ng pagdadakila sa mahimalang Inâ, sa



ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035

Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

kaniyang mga tapat na tagasunod. Inilalabas si Inâ ng mga deboto mula sa damabana at dinadala siya sa isang prusisyon, na nagaganap sa tabi ng Ilog Naga.

Dagdag pa ng Hicaps, 300 taong gulang na pagdiriwang na umano ang festival na ito. Dinadaragsa din umano ang pagtitipong ito dahil sa pag-asa na makatatanggap ng sagot sa kanilang panalangin, tulad ng pagpapagaling ang mga nakikilahok dito, at isa na rin umanong pasasalamat kay Inâ ang pagdalo sa prusisyon. Ang ganitong kultural na gawain ay nagpapakita ng panata ng mga Bikolano, na naghahayag ng malalim na relasyon ng Bikolano sa simbahang Romano Katoliko, na nagpapahiwatig ng pagkakakilanlan ng mga Bikolano partikular sa pagpapahalaga ng kultura na makikita rin sa koneksiyon ng mga Bikolano sa kani-kanilang ginagalawang kapaligiran.

Makikita sa talahanayan 2 ang wika at literatura bilang bahagi ng kulturang Bikolnon batay sa nasuring mga vlog. Natuklasan sa nasuring vlog na ginamit ang wikang Bikol sa social media bilang isang instrumento ng pagpapahayag ng aspektong kultural na nakatuon sa rehiyong Bikol. Nagpapahiwatig ito na ang nagtatanghal ng karunungan gamit ang sariling wika tulad ng wikang Bikol ay isang kasangkapan sa pagtuklas at pagpapalalim ng kaisipang Pilipino, lalo na sa pagmulat ng kabatiran sa mga isyung panlipunan. Natuklasang pasalintroniko ang naging anyo ng mga pagpapalaganap ng vlog na nasuri bilang bahagi ng panitikang panrehiyon ng Bikol.

Bilang implikasyon, ang mga inilalahad na kulturang Bikolnon sa nasuring vlog ay masasalamin sa pakikitungo o pakikpagkapuwa, paniniwala at pamahiin, pagkain, hanapbuhay, kasuotan, relihiyon, mga pista o festival, sining, koneksiyon sa kapaligiran, at kasama rin dito ang wika at literatura. Ang mga nailalahad na kulturang Bikolnon na ito ay makategorya batay sa materyal at di-materyal na kultura.

Pinaliwanag sa Britanica (2023), na ang materyal na kultura ay tumutukoy sa kasangkapan, makina, palamuti, sining, gusali, monumento, nakasulat na rekord, relihiyoso na larawan, pananamit, at anumang iba na ginawa ng tao o ginagamit ng tao. Samantala, ayon sa Brigham Young Univeristy (2023), ang di-materyal na kultura ay tumutukoy sa idea, saloobin, at paniniwala ng isang lipunan.

Ilan sa mga materyal na kultura ng Bikol batay sa analisis ng mga vlog ay ang limbag na panitikan, pagkain, kasuotan, at sining, samantalang nasa kategoryang di-materyal na kultura naman ang pakikitungo o pakikpagkapuwa, paniniwala at pamahiin, hanapbuhay, relihiyon (mga pista, prusisyon, gawing panrelihiyon, at iba pa), at koneksiyon sa kapaligiran.

Bilang implikasyon, ang mga kulturang Bikolnon na inilalahad bilang materyal na kultura ay hindi tumigil sa pag-iral sa rehiyong Bikol, at ang mga di-materyal na kultura na aspektong kultural ay hindi rin titigil sa pag-iral kung patuloy itong pinapahalagahan. At ang mga materyal na kultura ay mananatili sa rehiyong Bikol kung hindi ito masisira o mawawala. Gayunman, sa panlipunang antropolohiya, ang materyal na kultura at di-materyal na kultura ay kapuwa nag-iiwan at nagbibigay ng pagkakakilanlan sa rehiyong Bikol, at magkaugnay ito na sumasagisag sa aspektong pangkultura ng mga Bikolano.

**Mga Kagamitang Panturo na Nalikha para sa Literaturang Bikolnon**

Pagtalima sa patakarang pangkonstitusyon ng Pilipinas ang pagsasagawa ng mga patuluyang pagsasaliksik sa panitikan at kultura sa bansa. Gayundin, sa pertinenteng itinatakda ng Artikulo XIV, seksiyon 14 at 17, "na dapat itaguyod ng estado ang pangangalaga, pagpapayaman, at dinamikong ebolusyon ng pambansang kulturang Pilipino batay sa prinsipyo ng pagkakaisa sa pagkakaiba-iba tungo sa malayang masining, at intelektuwal. Bukod pa rito, dapat ding kilalanin, igalang, at protektahan ng estado ang mga karapatan ng mga katutubong pamayamang kultural na pangalagaan at paunlarin ang kanilang mga kultura, tradisyon, at institusyon. Higit pa rito, dapat ding isaalang-alang ang mga karapatang-pantao sa pagbabalangkas gawaing magiging kapaki-pakinabang sa aspektong kultural, sining, at literatura tungo sa pagbibigay ng de-kalidad na edukasyon sa mga mag-aaral."

Batay sa natuklasan ng naisagawang pag-aaral, mayroong sampung paksang pampanitikan na magagamit sa pagtuturo ng panitikang panrehiyon, tulad ng kabutihan vs kasamaan, tao vs lipunan, tao vs sarili, pamilya, kapangyarihan at korapsiyon, identidad, hubris, pagtanda, at kapalaran vs kalooban.

Ang mga natukoy na batayang paksa sa pagsusuri sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa ay nakapagbigay ng paglalarawan sa panitikang Bikol, na kakikitaan din ng mga kulturang Bikolnon tulad ng pakikitungo o pakikipagkapuwa, paniniwala at pamahiin, pagkain, hanapbuhay, kasuotan, relihiyon, mga pista, sining, koneksiyon sa kapaligira, at wika at literatura.

Samantala, ang mga natukoy na kulturang Bikolnon ay nakategorya sa materyal na kultura at di-materyal na kultura. Tumutukoy ang mga materyal na kulturang Bikolnon sa limbag na panitikan, pagkain, kasuotan, at sining. At nasa kategoryang di-materyal na kultura naman ang pakikitungo o pakikpagkapuwa, paniniwala at pamahiin, hanapbuhay, relihiyon (mga pista, prusisyon, gawing panrelihiyon, at iba pa), at koneksiyon sa kapaligiran.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

Napakahalaga ng mga natuklasan sa isinagawang pag-aaral dahil sa pamamagitan nito, higit pang nagdaragdag ng karunungan ang pagsusuri sa panitikang panrehiyon ng Bikol na nakapag-uugnay ng paksang pampanitikan sa kultura, na nakatutulong upang kritikal na masuri ang mga konseptong inilahad sa kabuoan ng pag-aaral. Isa sa mga pangunahing layunin ng pagsusuri sa mga vlog ay makapagbigay ng konteksto sa pamamagitan ng saliksik. Inilalagay nito ang kasalukuyang pag-aaral sa pananaw at ipinapakita kung paano ito nauugnay sa kung ano ang mga kulturang inilahad sa nasuring vlog. Tinukoy rin sa pag-aaral ang mga puwang sa umiiral na kaalaman at tumutugon sa pagbuo ng pananaligang reperensiya sa larang ng panitikan.

Batay sa pagsusuri ng panitikang panrehiyon sa Bikol, natuklasan na nakatutulong ang paghahambing sa mga nagdaang pertinenteng literatura at pag-aaral sa isang partikular na paksa, na nagbigay-daan para makagawa ng talakay sa mga ito bilang pagpapakita kung paano nauugnay ang iba't ibang batayang paksa sa pag-aaral at nagbibigay ng linaw kung bakit ang ilang mga inilalahad na kulturang Bikolnon ay nakapagbibigay rin ng puwang para sa panunuring panliterara.

Dahil dito, ang mga kagamitang panturo sa literaturang Bikolnon batay sa vlog ni Boss Ka-Reppa at sariling likhang vlog ay naisagawa ng mananaliksik, tulad ng mga banghay-aralin sa panitikang panrehiyon ng Bikol at repositoryo ng mga vlog. Makatutulong ang mga kagamitang panturo na ito sa pagpapaunlad ng literatura at kulturang Bikolnon. Isa rin itong paraan upang mapreserba ang natatanging kalinganang Bikol upang patuloy itong mabigyan ng atensiyon sa pamamagitan ng pagbibigay ng pagpapahalaga.

Gayunman, batay sa mga nabanggit na saligang pinagbabatayan ng pag-aaral na ito, lumikha ang mananaliksik ng banghay-aralin bilang kagamitang panturo sa pagtuturo ng panitikang kontemporaneo tulad ng vlog sa Senior High School na sumusunod pa rin sa pangkaraniwang templeyt ng banghay-aralin sa Kagarawan ng Edukasyon (DepEd).

Ayon sa SMU (2023), ang banghay-aralin ay isang road map ng pagtuturo, dahil sa nagbibigay ito ng kasagutan kung ano-ano ang kailangang matutuhan ng mga mag-aaral at kung paano ito isasagawa sa klase. Maaari din itong magdisenyo ng naaangkop na mga gawaing pangklase, at naglalahad ng mga estratehiya, kagamitang panturo, at iba pa upang makapagbigay ng direksiyon sa pagtatalakay ng partikular na paksang-aralin sa mga mag-aaral. Pinaliwanag naman sa Tech Tastic (2023), ang mga mahahalagang bahagi ng banghay-aralin tulad ng: layunin, paksang-aralin, kagamitang panturo, pamamaraan, at pagninilay.

Binanggit sa William and Mary School of Education (2023), na ang pagpaplano sa pagtuturo ay nakatutulong sa matagumpay na resulta ng pagkatuto para sa mga mga-aaral sa maraming paraan tulad ng pagdidisenyo ng banghay-aralin na layong makatulong sa guro at mag-aaral na maunawaan ang mga layunin para sa paksang-aralin. Samakatwid, isinasalin ng banghay-aralim ang kurikulum sa malinaw na pang-araw-araw na layuin para sa pagkatutong mga mag-aaral na kinabibilangan ng paglalarawan ng layunin at isang paraan upang masukat ang pagtamo ng mag-aaral. Bahagi rin sa banghay-aralin ang pagplano ng ebalwasyon sa partikular na layunin habang isinasalang-alang ang mga estratehiya at dulog.

Ang nabuong banghay-aralin ay malaki ang maitutulong bilang isa sa mga awtput ng pag-aaral upang makapagbigay ng kagamitang panturo na magagamit sa pagtuturo ng kontemporanenong panitikan sa Senior High School. Sa pamamagitan nito, higit na nakapagdaragdag sa pangangailangan ng kagamitang panturo sa Senior High School, partikular sa asignaturang Filipino, na nakaangkla sa multimodal at kristismong sosyokultural bilang estratehiya sa paraan ng pagtuturo ng panitikan. Ipinapakita rin sa sariling likhang vlog ang pagkakaroon ng dibersidad ng bawat indibidwal na kumakatawan at/o sumasalalim sa mayamang pamanang kultural ng literaturang Bikol—rawitdawit, paukod, tigsik, kantang suanoy, at ariwaga na mayroong malalim na integral sa malayang sining bilang salamin sa demokrasya—sistema ng estado na mga mamamayan ang humahawak ng kapangyarihan sa pamamagitan ng mga kinatawan na pinili sa malayang halalanan, na hinding-hindi dapat masupil lalo ang mga karapatang-pantao na tinatamasa ng Pilipino sa loob at labas man ng Pilipinas.

Tampok din dito ang malalim na panunuri sa kapaligiran na arketipong kumakatawan sa mga vlog bilang bagong usbong na anyo ng literatura, na dapat patuloy na magbigay ng galak sa matuwid na pangangatwirang angkop sa kagandahang asal at pamantayang moral.

Samaktwid, bilang implikasyon nito, nagbibigay ng pag-asang mapagtuonan din ng pansin ang usaping pangkalikasan na patuloy nang nasisira dahil sa adhikang urbanisasyon sa paraang vlogging, na maaaring isagawa ang integrasyon sa mga paksang panliteratura at makabuo ng mapanuring kilatis, halimbawa na lamang sa pagtalakay ng isyung urbanisasyon, na malaki ang implikasyon nito sa ating agrikultura dahil sa pagliit ng mga lupang pangsakahan ng ating mga magsasaka na tumatanda na rin ang populasyon, na kung ating susuriin mayroon itong pamanganib na bunga lalo na sa mga nasa sektor ng minorya at marhinalismo na pagsasaka ang pangunahing pinagkukunan ng kabuhayan para buhayin ang kani-kanilang pamilya, gayundin nagpapahina sa pagpaangat ng ating


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
INTERNATIONAL MULTIDISCIPLINARY RESEARCH CONFERENCE
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

agrikultura dahil sa kawalan ng komprehensibong plano sa industriyalisasyon, na lalong nagpapabagal sa pagpataas ng bahagdan para sa *gross domestic product* (GDP) ng bansa.

Sang-ayon ang pagdedevelop ng anumang anyo ng panitikan ang mga adhikang nakasaad sa pertinenteng tadhana ng Proklamasyon Blg. 968 s. 2015, na itinataguyod ng Komisyon sa Wikang Filipino (KWF), Pambansang Komisyon para sa Kultura at mga Sining (NCCA), at Pambansang Lupon sa Pagpapaunlad ng Aklat (NBDB), kasabay rin nito ang panawagang mapanatili ang mga panitikang panrehiyon ng Bikol sa pamamagitan ng pagsulat nito at pag-aaral sa mga ito.

Tugon ang mga hakbang sa pagsasanib ng mga gawain para sa ingkorporasyon nito tungong patuluyang pagpapaunlad, pagpapayaman, pagpapalaganap, at preserbasyon ng Filipino at katutubong panitikan tulad ng mahahalagang historikal at tradisyong kultural ng mga pangkating etnolingguwistiko, gayunman ang pagpapasigla ng iba pang anyo ng panitikang nasusulat sa mga pangunahing wika ng bansa—Tagalog, Sebwano, Waray, Bikol, Kapampangan, Ilokano, Hiligaynon, Pangasinan, at iba pang bernakular na wika sa Pilipinas na nakapagbibigay ng katangi-tanging sining sa pagsulat.

Gayundin, likas na nagkakaron din ng priyoridad ang mga analisis sa panitikan sa iba't ibang anyo tulad na lamang ng isinagawang pagdiriwang sa Buwan ng Panitikan 2022. Sa naturang gawain, komprehensibong natalakay gamit ang de-kalidad at hindi mapapantayang saliksik ukol sa mga panitikang panrehiyon sa bansa, na malaki rin ang naging papel sa pag-aaral na ito upang makabuo ng analisis panliteratura, dahil sa nagbabantayog ang gawaing nabanggit para makilala ang ating yamang katutubo o folk heritage na kinabibilingan, ngunit hindi limitado sa folk science at intangible cultural heritage, na nakapag-ambag sa pagbukas nito ng oportunidad sa pagkakaroon ng malawakang research and development (R&D) sa pagsisinop at/o dokumentasyon ng cultural heritage ng bansa sa pamamagitan ng pangangalap ng mga makaagham na pag-aaral sa pamanang kultural, wika, at panitikan. Kasama na rin dito ang pagpapayaman sa panitikang Bikol kagaya ng inakda ng mananaliksik bilang mungkahing ambag sa larang ng panitikan.

Ayon din sa mga resolusyong ipinalabas bilang pagsasanib-puwersa ng mga ahensiyang pangwika at pangkultura sa pagpapalaganap ng panitikan noong 2022, nilayon ng mga ahensiyang ito na himukin ang pagsasama-sama ng mga manunulat, mananaliksik, iskolar, guro, mag-aaral, at mambabasa sa buong kapuluan sa pagpapauswag ng pambansang panitikan. Kaya naman, ang mga inakdang vlog na nakatuon sa literaturang Bikol ay tumutugon sa panawagang maiangat pa lalo hindi lamang ang mga bernakular na wika, bagkus ang mga sariling panitikang panrehiyon sa bansa tulad sa rehiyong Bikol na kilala sa tigsik, rawitdawit, kantang suanoy, paukod, at ariwaga na naging priyoridad ng mananaliksik sa pagsagawa ng sariling likhang vlog.

Kaugnay nito, tinalakay sa nabuong sariling likhang vlog ang ilang mga panitikang panrehiyon sa Bikol na nagpapakita ng malalim na ugnayan ng panitikan at kulturang Bikolnon, ito ang sumusunod:

Tigsik. Likas na sa mga taga-Bicol ang mabuting pakikisama. Nakagawian na nating mga Bikolano ang mag-umpukan at magkuwentuhan sa ordinaryong araw man o kapag mayroong kasiyahan. Isa na rito ang pagtitipon tuwing pista, na hindi nawawala ang tagay (toast). Ayon sa KWF (2023), ang tigsik tumutukoy sa pagbibigay ng puna o tumutukoy sa pagtagay.

Sa mga ganitong pagkakataon, naisasagawa ang tigsik—patulang pagsasalaysay o pagkukuwento; binubuo ng apat na taludtod sa bawat saknong; at nagsisilbi itong pampasigla sa mga pagtitipon. Nakilala ang mga Bikolano sa tigsik bilang isang pamanang kultural sa literaturang Pilipino. Nakagawian na noon ng mga Bikolano na magtigsik habang o bago ang tagayan.

Naaaliw rin ang mga manonood dahil sa taglay nito ang tugma sa mga huling salita ng mga taludtod, bukod pa riyan, karaniwang paksa rito ang kaugalian, pag-ibig, at iba pa na maaaring sa paraang papuri o panunukso na nag-iwan ng kariktan sa damdamin sa mga manonood.

Ariwaga. Ito ay maikli ngunit makabuluhang pahayag na karaniwang patula ang anyo at nagagamit na patnubay sa pakikipag-ugnayan. Mayroong malaking ginagampanan sa buhay ng mga Bikolano ang ariwaga o salawikain, sapagkat nagiging isa ito sa batayan na ginagamit kadalasan sa pagpapaalala sa mga tao ng maaaring kalabasan ng maling gawa. Karaniwang tumatalakay ang ariwaga sa moral, kabutihang-loob, at nagpahihiwatig ng pawang katotohanan tungkol sa buhay o pakikihalubilo sa komunidad. Ayon sa KWF (2023), tumutukoy ito sa tanong o pangungusap na binabalangkas upang sanayin ang kakayahan sa pagsagot at pagtuklas ng kahulugan nito, at tumutukoy rin umano ito sa anumang katak-takang salia o payahag.

Integral ang ariwaga sa pagpapahalagang pantao ng mga Bikolano, kaya mahalagang sariwain natin ang mga ariwaga na nagsisilbing kalasag natin sa pakikipag-ugnayan o pakikipagkapuwa-tao. Taglay rin sa ariwaga ang mga imahen sa pamamagitan ng pag-uugnay ng nilalaman mula sa kalikasan gaya ng hayop, halaman, at bahagi ng katawan ng tao.


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

Paukod. Ito ay matayog na tanong o pangungusap na binilangkas upang sanayin ang kakayahan sa pagsagot at pagtuklas ng kahulugan sa pagkintal ng kaisipan. Isa itong bugtong o palaisipan na integral sa pagkatao natin bilang mga Pilipino o Bikolano, lalo sa paghubog ng kasanayang komunikatibo. Bukod dito, nagiging lunsaran ang bugtong o paukod upang magsimula sa isang gawaing pampamayanan, pantahanan, o pampaaralan. Nakatutulong din ito upang mas makilala natin ang mga bagay-bagay sa ating kapaligiran, pagpapahalagang pantao, at pamilyaridad sa kinabibilangan nating komunidad. Ayon sa KWF (2023), tumutukoy ito sa patulang palaisipan na bahagi na ng panitikang Pilipino.

Nang hindi pa nauuso ang Facebook, Instagram, at Twitter maging TiKTok, isa ang paukod sa libangan ng mga Bikolano na talaga namang napakainteraktibong gawain—matanda, bata o kabataan man ang kalahok. Kaya sana sa panahon natin, hindi mabaon sa limot ang mga ganitong anyo ng literatura.

Karaniwang nagiging paksa sa paukod ang mga bagay-bagay sa kapaligiran na mayroong katuturan sa buhay-buhay ng mga Bikolano, na nag-iiwan ng kariktan sa makulay na kultura ng isang lokalidad. Itinatampok sa paukod ang mga endemikong hayop, halaman, at iba pang katulad na matatagpuan lamang sa partikular na pook o pangkat ng tao.

Rawitdawit. Isa itong anyo ng literatura ng Bikol na hawig sa tula, berso, at awit na kadalasang mabulaklak ang mga salitang ginagamit na nag-iiwan ng matalinhagang mensahe sa mambabasa. Batay naman sa kasaysayan, nagsimula pa sa Europa mula sa monarkiya at mga burgis ang rawtidawit. Taglay rin ng rawitdawit ang lohika at sensitibong pandama upang mapalawak ang pananaw ng mambabasa sa partikular na komunidad. Ayon sa KWF (2023), tumutukoy ang rawitdawit sa anyo ng panitkang Bikol na mayroong anyong nahahawig sa tula, berso, at awit, gayundin leksikon ito na mabulaklak at maligoy na sinasambit ng taong madaldal.

Mayroon din itong tatlong elemento: (1) rima/rhyme—magkaparehas ang huling tunog ng bawat huling salita sa bawat taludtod; kapag pareho ang huling tunog sa salita; (2) sukol (sukat)—bilang ng pantig sa bawat taludtod; (3) talinghaga—tayutay o retorika sa akdang panliteratura.

Karaniwang tumatalakay ang paksa sa rawitdawit sa mga isyung panglipunan—hanapbuhay, kahirapan, korapsiyon, krimen, kapayapaan, isyung pangkasarian, isyung pangkalipasan, politika, at iba pang katulad, na hindi nalalayo sa lipunang kinasasangkutan ng magrarawitdawit.

Kantang suanoy. Isa itong tradisyonal na awit; karaniwang may anyong pasaknong, may parirala at saknong na inuulit, at payak ang himig, (KWF, 2023). Ang mga kantang suanoy sa rehiyong Bikol ay mga pagpapahayag ng nararamdaman at paniniwala ng mga tao na nilikha sa paraang paawit. Gayunman, ang mga kantang suanoy rin sa rehiyon ay nagpapakita ng pagkakaiba lalo na sa paksa, paghahandog, melodiya, at paraan ng pagkanta.

Karaniwang nagiging pangunahing paksa sa kantang sunaoy ang makulay na kultura ng isang lokalidad na nagbibigay ng pag-asa at/o pagkakataon na mas lalo pang makilala o masalamin ang kultural na identidad ng isang lipi o pangkat ng tao.

Batay sa nasuring mga vlog, nagpapahiwatig ang patuluyang vlog ukol sa panitikang panrehiyon ng Bikol para sa pagpapahalagang panliteratura, pangangalap, at pagpapanatili ng iba pang kaugnay na gawaing pangwika, pangkultura, at panliteratura tungo sa pagtuturo ng Filipino bilang daan sa pagmulat sa mga mag-aaral sa samot-saring paksang pang-akademiko, paghasa ng iba't ibang kasanayan; paglapat ng panitikang panrehiyon sa Bikol sa pagpapahalagang pantao upang higit itong mapahalagan at makapagbigay ng karunungan sa mga mag-aaral.

**Lagom, Kongklusyon, at Rekomentasyon**

Pangunahing layunin ng pag-aaral na ito na matukoy ang mga paksa sa mga vlog at kulturang Bikolnon batay sa pagsusuri sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa at makalikha ng kagamitang panturo sa panitikang panrehiyong ng Bikol. Isinagawa ang pag-aaral para sa layon nitong mas lalo pang malawak ang pagsusuri ukol sa pasalintronikong anyo ng pantikan sa rehiyong Bikol at paglikha ng kagamitang panturo bilang ambag sa pagpapayabong ng panitikan.

Sumasaklaw ang pag-aaral na ito sa tematikong analisis sa paksa at kulturang Bikolnon. Sinagot sa pag-aaral na ito ang sumusunod na katangungan: (1) Ano-ano ang mga paksa sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa?; (2) Anong mga kulturang Bikolnon ang inilalahad batay sa pagsuri sa mga vlog ni Boss Ka-Reppa?; (3) Anong mga kagamitang panturo ang maaaring malikha para sa literaturang Bikolnon batay sa: a. vlog ni Boss Ka-Reppa at b. sariling likhang vlog?

Batay sa isinagawang pag-aaral, natuklasan ng mananaliksik ang sumusunod: (1) Nanguna ang paksang kabutihan vs kasamaan na may kabuoang bilang na apat (4). Ang mga vlog na nasa kategorya ay ang "Impyernow," "Mga Kumpaniya sa Pinas Be Like," Job Interview Be Like: Yung Ayaw Sayo Nung Nag Iinterview; Interview Part 3," "Interview Part 3 Opssss," "Wanpipti," "Bisyo sa Panahon ng Lockdown," "Mama Mo,"; "Mamo Mo Part 2," "Boy Lado


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

Part 15," The English Man," at "Relief Part 2." (2) Natuklasang ang mga kabutihan vs kasamaan, tao vs lipunan, tao vs sarili, pamilya, kapangyarihan at korapsiyon, identidad, hubris, pagtanda, at kapalaran vs kalooban ang mga paksa sa sinuring vlog ni Boss Ka-Reppa. (3) Inilalahad sa mga vlog ang mga kulturang Bikolnon tulad ng paniniwala at pamahiin, pagkain, hanapbuhay, kasuotan, relihiyon, pista, sining, koneksiyon sa kapaligiran, wika, at literatura.

Isinagawa ang paglikha ng banghay-aralin para sa panitikang panrehiyon ng Bikol batay sa nasuring mga vlog ni Boss Ka-Reppa bilang kagamitang panturo, na nakaangkla sa taksonomiyang pang-edukasyon, Gradual Psychological unfolding (GPU), at dulog na multimodal at kritisismong sosyokultural. Isinagawa ang limang (5) sariling likhang vlog para sa pagtuturo ng panitikang panrehiyon ng Bikol—rawitdawit, paukod, tigsik, kantang suanoy, at ariwaga na mayroong malalim na ugnayan sa kulturang Bikolnon. Nakabuo ng QR code sa bawat sariling likhang vlog para sa episyenteng pagkakaroon ng akses sa ganitong uri ng panitikan tungo sa patuluyang pagpapanatili, pagpapayaman, at pagpapahalaga panitikan at kulturang Bikolnon.

Batay sa natuklasan, nabuo ang sumusunod na kongklusyon: kabutihan vs kasamaan, tao vs lipunan, tao vs sarili, pamilya, kapangyarihan at korapsiyon, identidad, hubris, pagtanda, at kapalaran vs kalooban ang mga paksa sa nasuring vlog ni Boss Ka-Reppa. Samantala, inilalahad sa nasuring vlog ni Boss Ka-Reppa ang kulturang Bikolnon tulad ng paniniwala at pamahiin, pagkain, hanapbuhay, kasuotan, relihiyon, pista, sining, koneksiyon sa kapaligiran, wika, at literatura; materyal na kultura ng Bikol ang limbag na panitikan, pagkain, kasuotan, at sining. Samantala, di-materyal na kultura naman ang pakikitungo o pakikipagkapuwa, paniniwala at pamahiin, hanapbuhay, relihiyon (mga pista, prusisyon, gawing panrelihiyon, at iba pa), at koneksiyon sa kapaligiran; at pagpapahalaga sa panitikan at kulturang Bikol ang mga banghay-aralin at sariling likhang vlog na magagamit sa pagtuturo ng panitikang panrehiyon ng Bikol.

Batay sa mga natuklasan at kongkluson sa pag-aaral na ito, iminungkahi ang sumusunod: patuloy na magsagawa ng karagdagang saliksik ukol sa mga paksang pampanitikan at kulturang Bikolnon sa iba pang mga umuusbong na plataporma sa social media; gamitin sa pagtuturo ang pagsusuri hinggil sa paksa at kulturang Bikolnon tungong paglinang ng kasanayan at pagpapalawak ng karunungan ng mga mag-aaral, gayundin iugnay ang mga paksa at kulturang Bikolnon sa pagpapahalaga ng pamilyang Pilipino; magsagawa ng kumperensiya na tumatalakay sa pagpapanatili, pagpapayabong, at pagpapahalaga sa panitikan at kulturang Bikolnon; gamitin ang mga banghay-aralin at sariling likhang vlog sa pagtuturo sa asignaturang panitikang panrehiyon ng Bikol bilang mapananaligang batis ng impormasyon at pagpapalawak ng kaalaman ukol sa panitikan at kulturang Bikolnon; isalibro (e-book at printed) ang isinagawang saliksik upang maipalaganap o mapalawak pa lalo ang karunungan ng mag-aaral, guro, iskolar, at mambabasa sa mga ganitong uri ng pagsusuri sa panitikan at kulturang Bikolnon; at ilahok ang papel-pananaliksik sa antas internasyonal, pambansa, at panlokal na mga seminar-workshop, webinar, kumperensiya, at/o iba pang gawaing pampananaliksik upang matalakay at maibahagi ang mga vlog sa panitikang panrehiyon ng Bikol.

## SANGGUNIAN


Almario, V. (2013, August 27). *Mga lektura ng panitikang popular*. htttp://www.kwf.gov.ph

Banzuela, R. (2010). *Albay Viejo*. Fastgraphics Enterprise.

Blue Marble. (2023, May 14). Good vs evil's implications for literature and society. https://bluemarblereview.com/

Boss Ka-Reppa. (2023, March 12). *Official Facebook account.* http://www.facebook.com/bosskareppa

Boss Ka-Reppa. (2023, January 13). *YouTube Channel*. http://www.youtube.com/c/BossKaReppa

Britanica. (2023, February 20). *Material culture.* https://www.britannica.com

Brigham Young University. (2023, May 19). *Nonmaterial culture*. https://www.byu.edu

Caulfield, J. (2020). *How to do thematic analysis*. http://www.scribbr.com

City Government of Naga. (2023, January 20). *Traslación por el rio/fluvial procession. https://www2.naga.gov.ph/*

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

City Government of Iriga. (2023, March 14). *Tinagba festival.* https://iriga.gov.ph/

Del Castillo, F. (2023). *Pakikipagkapwa-tao as a mode of inter-religious dialogue in the contemporary Philippines during the COVID-19 pandemic*. https://hts.org.za/index.php/hts/article/view/8015/24201

Given, S. (2008). *Textual analysis*. The SAGE Encyclopedia of Qualitative Research Methods. https://methods.sagepub.com

Komisyon sa Wikang Filipino. (2023, April 27). *KWF Repositoryo ng wika at kultura*. https://kwfwikaatkultura.ph

Komisyon sa Wikang Filipino. (2023, January 20). *Mapa ng mga wika sa Filipinas*. http://kwf.gov.ph

Komisyon sa Wikang Filipino. (2023, April 11). *Buwan ng panitikan 2022: muling pagtuklas sa karunugang-bayan. Pahayag ni Evasco, Mendillo, at. Abdurahman.* https://www.facebook.com/komfilgov

Lewis University. (2023, January 19). *Narrative elements. https://lewisu.edu/writingcenter/pdf/narrative-elements-1.pdf*

National Commission for Culture and the Arts. (2023, January 14). *Law Creating the National Commission for Culture and the Arts.* https://ncca.gov.ph

National Privacy Commission. (2023, December 20). Republic act 10173. https://privacy.gov.ph/data-privacy-act/

Nuñez, C. (2014, May 8). *Paginibang nin parainibang san nasibang (sibang). https://xtiandelosrxnunx.wordpress.com*

Official Gazette of the Republic of the Philippines. (2023, February 10). *Intellectual property code of the Philippines.* https://www.officialgazette.gov.ph

Official Gazette of the Republic of the Philippines. (2023, February 5). *Commission on the Filipino Language act. https://www.officialgazette.gov.ph*

Philippine Institute of Traditional and Alternative Health Care. (2023, October 19). *Republic act 8423*. https://www.philchm.ph

Philippine Statistics Authority. (2023, September 10). *Regional social and economic trends: Bicol region.* https://psa.gov.ph

Santos, P. (2017). *Panitikang Bikol at ang pagbuo ng panitikang pambansa*. Ateneo de Naga University

Singapore Management University. (2023, May 14). *Lesson planning.* https://cte.smu.edu.sg

Tang, M. (2016). *Effects of vlogger race on perceived credibility self-efficacy and behavioral intentions towards weight loss*. University of Nottinggham Ningbo

Techtastics. (2023, November 16). Lesson plan. https://www.techtastic.info

Tourism Promotion Board Philippines. (2023, May 15). *Ibalong*. https://www.tpb.gov.ph

The Novelry. (2023, May 23). *Good and evil in iiterature*. https://www.thenovelry.com/blog/conflict

The Philippine Star. (2023, September 25). *Santigwar.* https://www.philstar.com


ETCOR's Website : https://etcor.org
Facebook Page : https://www.facebook.com/EmbracingTheCultureOfResearch
Twitter Account : https://twitter.com/ETCOR_research
YouTube Channel : https://tinyurl.com/YouTubeETCOR
E-mail Address : embracingthecultureofresearch@etcor.org
Mobile Number : 0939-202-9035
Thank you for embracing the culture of research with us!

ETCOR Educational Research Center PHILIPPINES
Sta. Ana, Pampanga, Philippines
Website: https://etcor.org
iJOINED ETCOR P - ISSN 2984-7567 E - ISSN 2945-3577
The Exigency P - ISSN 2984-7842 E - ISSN 1908-3181

University of Leeds. (2023, May 10). *Good and evil*. https://essl.leeds.ac.uk/

University of the Philippines. (2023, February 10). *Gradual psychological unfolding.* https://www.journal.upd.edu.ph

Virgilio, A. (2018). *Madalas itanong hinggil sa wikang pambansa/ frequently asked questions on the national language.* KWF.

William and Mary School of Education. (2023, April 14). *Lesson plan.* https://education.wm.edu

Writers. (2022, December 27). *What is the theme? A look at 200 common themes in literature.* https://writers.com/common-themes-in-literature